# DANIEL



Malamang na isa sa mga guro ng Batas ang sumulat ng aklat ni Daniel. Siya ang nagpasigla sa espirituwal na oposisyon ng kanyang bayan sa mga araw ng matinding pag-uusig sa panahon ng mga Macabeo. At tiyak na ibinilang niya ang kanyang sarili sa mga gabay sa pananampalataya ng gagantimpalaan ng Diyos sa espesyal na paraan (Dn 11:33 at 12:3). Pinamumunuan ng mga Macabeo ang sandatahang panghihimagsik sa mga maniniil. Subalit dala ng kawalang-tiwala ng mga guro ng Batas sa pulitika at armas, nilimitahan naman ng mga ito ang kanilang sarili sa pagbibigay-halimbawa sa katapatan sa Tipan ng Diyos at sa kanyang mga batas.

Nasa mga kabanata 7-12 ang pinakasentro ng kanyang mensahe, at mabubuod ito sa mga sumusunod:

– bahagi ng planong pagliligtas ng Diyos ang matinding pag-uusig sa sambayanang Judio;

– hindi magtatagumpay sa pagwasak sa bayang sumasampalataya ang mga haring nag-uusig lalo na si Antioko Epifanes na madalas na ginigunita sa malarawang paraan.

Ngunit iniayon din ng may-akda sa kanyang mensahe ang mga kuwentong nasa mga kabanata 1-6. Itinuturo ng mga kuwentong ito sa mga Judiong nakatira sa ibang bansa, at kung minsa'y naglilingkod sa mga hari doon, na sa anumang kundisyo'y hindi nila makokompormiso ang mga hinihingi ng pananampalataya at ang mga kaugalian ng Batas maging tungkol man sa pagkain (1:8) o sa pagtatakwil sa pagsamba sa mga diyus-diyusan (2 of 6).

***Totoo ba si Daniel?***

Nang tipunin ng pamayanang Judio ang mga aklat ng Biblia, inilagay nila ang Aklat ni Daniel sa mga libro ng ikalawang dantaon bago kay Kristo at hindi sa mga propeta ng ikaanim na dantaon (ang panahon ni Daniel). Hindi isinama sa mga propeta ang libro kundi sa mga akda o sinulat tungkol sa aral panrelihiyon. Ganito ang ginawa nila dahil alam nila ang "kuwento" ni Daniel at ng kanyang mga pangitain ay hindi pagsasalaysay ng naganap na pangyayari kundi kathang pampanitikan.

Dapat nating malaman na sa dalawang dantaon bago kay Kristo, usung-uso ang paraang ito ng pagsasalita tungkol sa kasalukuyang mga pangyayari na para bang ibinunyag ng Diyos ang mga ito sa ilang kilalang tao ng lumipas na panahon. Kayat isasalaysay nila ang mga pangitain ng taong ito, ihuhula ang mga pangyayaring nagaganap na sa kasalukuyan, at sasabihin kung paano tinanggap ng nakakita ng pangitain mula sa Diyos ang panrelihiyong pagbibigay-kahulugan ng mga pangyayaring ito: nagkakaroong-katarungan ang planingpagliligtas ng Diyos.

Nang panahong iyon, mayroon silang sining ng paggamit ng mga bilang (tatlo at kalahati,

anim, pito, sampu) at mga kulay (ang puti ay tanda ng tagumpay), na may kahulugan at ng pagtulong ng mga anghel. Tinatawag na *apokalipsis* o pagbubunyag ang klaseng ito ng mga libro. May dalawa nito sa Biblia: ang apokalipsis ni Daniel at ni Juan.

Sa mga akdang Silanganin, ang Daniel ay pangalan ng isang matandang pantas (Ez 14:14). Mula rito'y nabuo ang katauhan ni Daniel na propeta at pantas at nabuhay kasama ng mga ipinatapon sa Babilonia. Layunin ng kanyang mga salita at halimbawa na magbigay-liwanag sa mga Judiong nakikisalamuha sa mga pagano.

May tatlong tanyag na bahagi sa aklat na ito. Nasa 7:9-14 ang tekstong tumutukoy sa Anak ng Tao. Ang tekstong ito ang tinutukoy ni Jesus nang ipakilala niyang siya ang Anak ng Tao (Mc 13:26 at 14:62). Sa isa pang teksto, *Dn 12:13,* inilalahad naman ang pagbabalita sa pagkabuhay na muli ng mga patay. At pati na ang propesiya sa 9:21-27 na ginagamit sa maraming komentaryo tungkol sa katapusan ng mundo. Pero makikita natin na tumutukoy ito sa maraming bagay liban sa katapusan ng daigdig.

**1** 1 Sa ikatlong taon ng paghahari ni Yoakim sa Juda, pumunta sa Jerusalem si Haring Nabucodonosor ng Babilonia at nilupig ito. 2 Ibinigay ng Panginoon sa kanyang kamay si Haring Yoakim, pati na ang malaking bahagi sa mga kagamitan sa templo ng Diyos. Dinala niya ang mga ito sa lupain ng Senaar at inilagay sa kabang-yaman ng kanyang diyos.

3 Inatasan ni Haring Nabucodonosor ang kanyang punong eunukong si Aspenaz na pumili ng ilang Israelita mula sa angkan ng mga hari at mga maharlika: 4 mga kabataang lalaking walang kapansanan, maliksi ang pag-iisip at mahusay magpasya, sagana sa kaalaman at may pinag-aralan. Titigil sila sa palasyo ng hari at tuturuan ng wika at panitikan ng mga Kaldeo. 5 Bibigyan sila ng pagkain at alak araw-araw mula sa hapag ng hari. Tatlong taon silang sasanayin at saka tatanggaping maglingkod sa hari.

6 Kabilang sa mga kabataang ito ng Juda sina Daniel, Ananias, Misael, at Azarias. 7 Pinalitan ng punong eunuko ang kanilang mga pangalan – naging Beltesazar si Daniel, Shadrak si Ananias, Mesak si Misael, at Abednego si Azarias.

**Umayaw si Daniel sa maruming pagkain**

• 8 Upang di maging marumi dahil sa pagkain, ipinakiusap ni Daniel sa punong eunuko na huwag silang bigyan ng pagkain at alak ng hari. 9 Niloob ng Diyos na kalugdan ng punong eunuko si Daniel, 10 ngunit takot ito sa hari kaya nagsabing: "Ang hari ang nagtakda ng inyong pagkain at inumin, at kapag nakita niyang mas payat kayo kaysa iba pang kaedad ninyo, baka pag-isipan niya ako ng masama dahil sa iyo.

11 Kaya, nilapitan ni Daniel ang bantay na pinagkatiwalaan ng punong eunuko na mangalaga sa kanilang apat na magkakasama. 12 "Subukin mo kami sa loob ng sampung araw," pakiusap ni Daniel. Bigyan mo kami ng gulay at tubig lamang bilang pagkain at inumin, 13 at saka mo iparis ang ayos namin sa iba pang mga kabataang lalaki na kumakain sa hapag ng hari. Batay sa makikita mo, saka mo gawin sa amin ang sa palagay mo'y nararapat."

14 Pumayag ang bantay at sinubok nga sila sa loob ng sampung araw. 15 Sa pagtatapos niyon, mukha pang mas malusog at busog sina Daniel kaysa sinuman sa iba pang mga kabataang nagsikain ng

• **1.8** May mga pagkakataong parang nagiging mahirap sa mga sumasampalataya ang pagtupad sa batas, lalo na kung nabubuhay sila sa piling ng mga di nila kapanalig. Mas hindi ba sila malaya kaysa kanilang mga kasamahan? Ipinahahayag ng tekstong ito na ang mga utos ng Diyos ay bukal ng buhay at lakas para sa mga sumusunod sa mga ito. Dahil sa kanyang katapatan, makakamit ni Daniel ang kaalaman ng mga bagay na makalangit tulad ng ipamamalas niya, na lampas at higit sa kanyang kultura bilang tao. Nakakamit lamang ang regalong ito mula sa Diyos sa pamamagitan ng katapatan at sakripisyo.

pagkain ng hari. 16 Dahil dito, ipinagpatu-
loy ng bantay ang pagbibigay sa kanila ng
gulay at tubig lamang sa halip ng piling
pagkain at alak.
17 Pinagkalooban ng Diyos ng karunu-
ngan at kakayahan sa literatura ang apat
na kabataang ito. Pinagkalooban rin si
Daniel ng kakayahang magbigay-kahulu-
gan sa mga pangitain at pangarap.

18 Pagkatapos ng panahong itinakda ng hari
para sa pagsasanay ng mga kabataan, iniharap
sila ng punong eunuko kay Nabucodonosor.
19 Kinausap sila ng hari, at natagpuan nitong
nakahihigit sila kaysa iba. Naging miyembro ng
korte ng hari sina Daniel, Ananias, Misael at
Azarias. 20 Tungkol sa karunungan at pag-
unawa sa mga bagay na isinasangguni ng hari,
napatunayan niyang higit na mahusay ang apat
kaysa lahat ng mangkukulam at manghuhula sa
kanyang buong kaharian. 21 Namalagi roon si
Daniel hanggang sa unang taon ni Haring Ciro.

**Ang panaginip ni Nabucodonosor**

2 • 1 Nang ikalawang taon ng pagha-
hari ni Nabucodonosor, nagkaroon
siya ng isang panaginip na labis na na-
kabagabag sa kanya kaya hindi siya na-
kakatulog. 2 Nagpatawag ang hari ng mga
mahiko, mangkukulam, astrologo at
manghuhulang Kaldeo upang bigyang-
kahulugan ang kanyang panaginip. Nang
magsirating sila at humarap sa kanya 3 si-
nabi ng hari: "Nagkaroon ako ng kakila-
kilabot na panaginip at gusto kong mala-
man ang kahulugan niyon."
4 Sumagot ang mga Kaldeo: "Mabuhay
magpakailanman ang hari! Sabihin sa
iyong mga lingkod ang panaginip, at ibi-
bigay namin ang kahulugan nito."
5 Ngunit sinabi ng hari: "Kailangang sa-
bihin ninyo sa akin kung ano ang aking
napanaginipan at bigyan din ninyo ito ng
kahulugan. Iyan ang aking pasya. Kapag
hindi nagawa iyan, ipatatadtad ko kayo
ng taga at sisirain ang inyong mga bahay.
6 Pero kung masasabi ninyo sa akin ang
panaginip ko at ang kahulugan niyon, bi-
bigyan ko kayo ng mga regalo at gagan-
timpalaan ng malaking karangalan."
7 Nagpumilit sila: "Kailangang sabihin
sa amin ng hari ang kanyang panaginip at
saka namin sasabihin ang kahulugan
nito."
8 Sabi ng hari: "Gusto lamang ninyong
pahabain ang panahon, pagkat alam na
ninyo ang gagawin ko sa inyo. 9 Kapag
hindi ninyo nasabi ang panaginip ko, alam
na ninyo ang parusa sa inyo. Nagkakaisa
kayo sa pagnanais na dayain ako. Mag-
bibigay kayo ng maling interpretasyon sa
pag-asang magbabago ang panahon.
Pero kung mahuhulaan ninyo ang aking
panaginip, makatitiyak akong may kaka-
yahan din kayong makaalam sa kahu-
lugan niyon."
10 "Wala pong tao sa lupa na maka-
gagawa ng hinihiling ng inyong kamaha-
lan," wika ng mga Kaldeo. "Wala pang
hari, gaano man kadakila, ang humiling
ng ganyang bagay sa sinumang mahiko,
mangkukulam o manghuhula. 11 Napaka-
hirap ng hinihiling ng hari. Walang ma-
kapagsasabi niyon sa kanya liban sa mga
diyos na hindi naman nabubuhay sa piling
ng mga tao."
12 Labis itong ikinagalit ng hari kaya
iniutos niyang pagpapatayin ang lahat ng
pantas sa Babilonia. 13 Matapos niyang
ilagda ang kautusan sa pagpapatay sa
mga pantas, hinanap din si Daniel at ang
kanyang mga kasama upang patayin.
14 Ngunit maingat na kinausap ni Daniel si
Ariok, ang pinuno ng mga bantay na inu-
tusang pumatay sa mga pantas. 15 "Bakit
kaya nagbigay ng gayong marahas na
kautusan ang hari?" tanong ni Daniel. At

• **2.1** Pinaghahalo ng mga pantas na Kaldeo ang siyensya at mahika para tumanyag sa paningin ng kanilang mga kababayang napakamapamahiin. Ang tawaging Kaldeo ang sinuman ay nangangahulugang siya ay isang pantas, mahikero o salamangkero. Bawal sa mga Judio ang gayong mga gawain, ayon sa Batas ni Moises (Dt 18:9).
Tinutuya rito ang mga mahikerong Kaldeo. Sinasabi nilang nakikita nila ang hinaharap, pero hindi naman nila masabi kung ano ang panaginip ng hari habang hindi pa niya ito isinasalaysay.

nagpaliwanag si Ariok. 16 Nagpunta na-
man si Daniel sa hari at humiling na big-
yan muna siya ng panahong mapag-
aralan ang panaginip ng hari.

17 Umuwi si Daniel at binalitaan sina
Ananias, Misael, at Azarias. 18 Hiniling
niya sa mga itong manalangin sa Diyos
tungkol sa hiwagang ito upang huwag si-
lang malipol na kasama ng mga pantas
ng Babilonia. 19 Isang gabi, nagkaroon ng
pangitain si Daniel at nahayag sa kanya
ang hiwaga ng panaginip. Nagpuri siya sa
Diyos:

20 Purihin ang pangalan ng Diyos magpakailanman,
sapagkat kanya ang karunungan at kapangyarihan.
21 Binabago niya ang mga panahon,
Itinatayo niya't ibinabagsak ang mga hari,
binibigyan ng karunungan ang matalino
at ng kaalaman ang may pang-unawa.
22 Inihahayag niya ang malalim at nakatago;
alam niya ang nasa kadiliman,
pagkat taglay niya ang liwanag.
23 Pinasasalamatan kita't pinupuri, Diyos ng aking mga ninuno.
Pinagkalooban mo ako ng karunungan at kapangyarihan;
ipinakita mo sa akin ang aming hiniling –
ipinabatid mo sa amin ang panaginip ng hari.

24 Nagtungo pagkatapos si Daniel kay Ariok,
ang punong-bantay na pinamahala ng hari sa
pagpapapatay sa mga pantas ng Babilonia.
Sabi ni Daniel: "Huwag mo munang ipapatay
ang mga pantas. Dalhin mo ako sa hari at
sasabihin ko sa kanya ang kahulugan. 25 Nag-
mamadaling sinamahan ni Ariok si Daniel sa
hari, at sinabi niya: "Narito ang isang lalaking
kabilang sa mga bihag mula sa Juda. Maipa-
pahayag raw niya ang kahulugan sa hari."

26 Tinanong ng hari si Daniel, na pinangala-
nang Beltesazar: "Masasabi mo ba kung ano ang
napanaginip ko at ang kahulugan niyon?"

**Ang interpretasyon ni Daniel sa panaginip**

• 27 Sumagot si Daniel: "Walang pantas,
mangkukulam, mahiko o manghuhulang
makapagpapahayag ng misteryo ng hari.
28 Ngunit may isang Diyos sa langit na
naghahayag ng mga hiwaga, at ipina-
kita niya sa Haring Nabucodonosor ang
mangyayari sa hinaharap. Sasabihin ko
ang panaginip at mga pangitaing duma-
law sa iyo.

29 "Sa pagkakahiga mo, mahal na hari,
natuon ang kaisipan mo sa hinaharap, at
ipinakita sa iyo ng naghahayag ng mga
hiwaga kung ano ang mangyayari. 30 Ini-
hayag sa akin ang misteryong ito hindi
dahil sa higit akong matalino kaysa iba,
kundi upang malaman mo ang kahulugan
niyon at maunawaan ang gumugulo sa
iyong isipan.

31 Nakakita ka ng isang rebulto sa iyong
pangitain, napakalaki, napakaningning, at
nakapangingilabot pagmasdan. 32 Lantay
na ginto ang ulo niyon, pilak ang dibdib at
mga bisig, tanso ang tiyan at mga hita,
33 bakal ang mga binti, may bahaging bakal
at may bahaging luwad ang mga paa. 34 Sa-
mantalang nakatingin ka, isang malaking
batong natibag sa bundok – hindi ng kamay
ng tao – ang bumagsak sa bakal at luwad na
paa ng rebulto. 35 Biglang nadurog ang mga
bahaging bakal, luwad, tanso, pilak at ginto
– simpino ng ipa sa lugasan kung tag-araw.
Tinangay ito ng hangin, at walang natira.
Ngunit ang batong bumagsak sa rebulto ay
naging isang malaking bundok na pumuno
sa buong lupa.

36 Iyan ang panaginip. Ngayon, ang
kahulugan. 37 Ikaw, O hari, ang hari ng mga

---

• 27. Maraming manunulat ng panahong iyon ang nag-iisip na magaganap sa kasaysayan ang pagkakasunud-sunod ng apat na imperyo. Dahil madilim ang tingin nila sa hinaharap, inisip nilang mula pa man sa simula ng paglikha, ang mga bagay-bagay ay papasama na at pasama pa nang pasama. Ipahahayag nila ito sa pamamagitan ng paglalagay ng ginintuang panahon sa pinakasimula, at ang panahon ng bakal – ang panahon ng mga sandata – sa pinakahuli.

Ang apat na magkakasunod na kaharian sa librong ito: ang kay Nabucodonosor, ang sa mga Medo, sa mga taga-Persia, at ang kay Alejandro ng Macedonia, ang manlulupig (kaharian ng bakal). Manggagaling mula rito ang paghaharing Persia-Siria na wawasakin ng ekstra-ordinaryong pakikialam ng Diyos.

Ito ang aral mula sa panaginip: Hindi maitutuwid ng tao lamang ang kasaysayan ng bayan na laging pasama nang pasama. Ngunit makikialam ang Diyos at itatayo niya ang kanyang kaharian sa sanlibutan.

hari. Pinagkalooban ka ng Diyos sa langit
ng kaharian, lakas, kapangyarihan at
kaluwalhatian. 38 Ibinigay niya sa iyong
kamay ang sangkatauhan, ang mga hayop
sa parang at mga ibon sa himpapawid
upang pamahalaan mong lahat. Ikaw ang
ulong ginto.
39 Susunod sa kaharian mo ang isang
kahariang mas mahina kaysa iyo. Pag-
katapos, isang ikatlong kahariang tanso
ang sasakop sa buong daigdig. 40 Susu-
nod ang ikapat na kahariang sintigas ng
bakal – at katulad ng bakal na dumudu-
rog, dudurugin din ng kahariang iyon ang
lahat ng iba. 41 Ang mga paa at mga daliri
nito na luwad ang isang bahagi at bakal
ang isa pang bahagi'y 42 nangangahulgan
ng pagkakahati ng kaharian; gayunman,
makikibahagi iyon sa tibay ng bakal, at sa
hina ng luwad. 43 Magiging haluan din ang
lahi ng mga pinuno ngunit hindi manana-
tiling nagkakaisa, tulad ng bakal at luwad
na di maaaring pag-isahin.
44 Sa panahon ng mga haring ito, mag-
tatayo ang Diyos ng isang kahariang hindi
kailanman mawawasak ni masasakop ng
ibang bayan. Dudurugin niyon at wawa-
kasan ang lahat ng kaharian. At manana-
tili iyon magpakailanman. 45 Ito ang kahu-
lugan ng iyong pangitain tungkol sa isang
batong tinibag sa bundok, hindi ng kamay
ng tao, na dumurog sa rebulto at sa mga
bahagi niyong yari sa bakal, tanso, luwad,
pilak at ginto. Ipinakita ng dakilang Diyos
sa hari kung ano ang mangyayari sa hina-
harap. Totoo ang panaginip at maaasa-
han ang kahulugan niyon."

46 Nagpatirapa si Haring Nabucodonosor sa
harapan ni Daniel at iniutos na alayan siya ng
regalo at insenso. 47 Sinabi ng hari kay Daniel:
"Tunay na Diyos ng mga diyos ang Diyos mo.
Panginoon ng mga panginoon at tagapaghayag
ng mga hiwaga. Iyan ang dahilan kaya nabigyan
mo ng kahulugan ang hiwagang ito."
48 Binigyan ng hari si Daniel ng isang mataas
na tungkulin at pinagkalooban din ng mga
regalo. Hinirang siyang gobernador ng buong
lalawigan ng Babilonia at tagapamahala ng
lahat ng pantas doon. 49 Ngunit hiniling ni
Daniel, na hirangin sina Shadrak, Mesak at
Abednego na mga administrador ng lalawigang
Babilonia, samantalang namalagi naman sa
korte ng hari si Daniel.

### Ang ginintuang rebulto

**3** 1 Nagpatayo si Haring Nabucodono-
sor ng isang ginintuang rebulto, na
may taas na tatlumpung metro at luwang
na tatlong metro, sa kapatagan ng Dura sa
lalawigan ng Babilonia. 2 Pagkatapos,
ipinatawag niya ang kanyang mga kina-
tawan, prepekto, gobernador, tagapayo,
ingat-yaman, hukom, mahistrado at lahat
ng iba pang pinuno ng lalawigan upang
dumalo sa pagpapasinaya sa rebulto.
3 Kaya nagtipon ang mga kinatawan,
prepekto, gobernador, tagapayo, ingat-
yaman, hukom, mahistrado, at lahat ng iba
pang pinuno ng lalawigan para sa konsa-
grasyon ng rebultong ipinatayo ng Haring
Nabucodonosor. 4 Doon ipinahayag ng
isang tagapagbalita: "Pakinggan ninyong
mga taga iba't ibang bansa, bayan at wika
ang ipinag-uutos sa inyo 5 na magpatirapa
at sumamba sa ginintuang rebulto sa
sandaling marinig ninyo ang tugtog ng
trumpeta, plawta, sitara, lira, arpa, kara-
milyo, at ng iba pang instrumentong pang-
musika. 6 Ang sinumang hindi gumawa
nito ay kaagad ihahagis sa isang nagliliyab
na pugon." 7 Sa ganitong kautusan, nagpa-
tirapa at sumamba sa rebultong ipinatayo
ni Haring Nabucodonosor ang lahat ng
mamamayan ng iba't ibang bansa, bayan
at wika na nakarinig sa tugtog ng trumpeta,
plawta, sitara, lira, arpa, karamilyo, at iba
pang mga instrumento.

### Paratang at pagbibigay-sala sa mga Judio

• 8 Noon nakipagkita sa hari ang mga
manghuhulang Kaldeo at nagharap ng

• **3.**8. Ang paglilingkod sa paganong hari ay na-
ngangahulugan ng ilang pakikipagsapalaran para sa
isang Judiong sumasampalataya. Pagkaminsa'y sobra
sa kapangyarihan at ayon sa sariling kapritso kung
kumilos ang mga haring ito at gusto nilang ipataw ang
mga saloobing ipinagbabawal ng Batas ng Diyos. Sa

paratang laban sa mga Judio. 9 At sabi
nila kay Haring Nabucodonosor: "Mabu-
hay magpakailanman ang hari! 10 Ipinag-
utos ng mahal na hari na sa sandaling
marinig ang tugtog ng trumpeta, plawta,
sitara, lira, arpa, karamilyo at iba pang
mga instrumento, magpapatirapa at sa-
samba ang lahat sa ginintuang rebulto,
11 at ihahagis sa isang nagliliyab na pugon
ang sinumang hindi gumawa nito. 12 May
ilang Judio na nagpapawalang-kabulu-
han sa iyong utos. Sila ang mga hinirang
mong administrador ng Babilonia: sina
Shadrak, Mesak at Abednego. Ayaw ni-
lang maglingkod at sumamba sa ginin-
tuang rebultong ipinatayo mo."
13 Galit na galit si Nabucodonosor at
ipinatawag niya sina Shadrak, Mesak at
Abednego, na madaling iniharap sa hari.
14 Tinanong sila ni Haring Nabucodonosor:
"Shadrak, Mesak at Abednego, totoo bang
hindi ninyo pinaglilingkuran ang aking
mga diyos at hindi sinasamba ang ginintu-
ang rebultong ipinatayo ko? 15 Kung ma-
ririnig ninyo ngayon ang tunog ng trum-
peta, plawta, sitara, lira, arpa, karamilyo at
iba pang mga instrumento, magpapati-
rapa ba kayo at sasamba sa rebultong
ipinagawa ko? Kung hindi, alam na ninyo
ang parusa: kaagad kayong ihahagis sa
nagbabagang pugon. At sinong diyos ang
makapagliligtas sa inyo sa aking mga
kamay?"
16 Tumugon sina Shadrak, Mesak at
Abednego: "Hindi po namin kailangang
sagutin ang hari tungkol sa bagay na ito.
17 Kapag iniutos ninyong ihagis kami sa
pugon, maililigtas kami ng Diyos na aming
pinaglilingkuran. 18 Ngunit kahit hindi niya
gawin iyon, malaman mo nawa, mahal na
hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong
mga diyos, ni sasamba sa ginintuang rebul-
tong ipinatayo mo."
19 Namula sa galit ang mukha ni Nabu-
codonosor habang nakatingin siya kina
Shadrak, Mesak at Abednego. Iniutos ni-
yang painitin nang makapitong ibayo ang
pugon. 20 Inatasan niya ang pinakamalakas
niyang bantay na igapos sina Shadrak,
Mesak at Abednego at ihagis sa nagba-
bagang pugon. 21 Kaagad silang ginapos at
inihagis sa pugon nang hindi na hinubdan
ng gora, sandalyas at damit, yamang na-
pakahigpit ng utos ng hari. 22 Lubhang
malagablab ang apoy sa pugon kaya
nasunog ang mga lalaking nagsipaghagis
kina Shadrak, Mesak at Abednego. 23 At
bumagsak sa naglalagablab na apoy ang
tatlong mahigpit na nagagapos. 24 Luma-
kad sila sa gitna ng apoy, umaawit sa Diyos
at nagpupuri sa Panginoon. 25 Tumayo si
Azarias sa gitna ng apoy at malakas na
nanalangin:

26 Pinagpala ka at marapat purihin,
Panginoong Diyos ng aming mga ninuno!
Luwalhatiin magpakailanman ang pangalan
mo!
27 Makatarungan ang lahat ng ginawa mo,
walang pagkakamali ang pagkilos mo
matuwid ang mga daan mo;
at makatotohanan ang mga hatol mo.

• 28 Tunay na makatwiran ang inihatol mong
parusa sa amin at sa Jerusalem, ang Banal na
Lunsod ng aming mga ninuno. Gumawa ka nang

---

ganitong pangyayari, kakailanganing isakripisyo ng isang sumasampalataya – kahit na mataas ang kanyang posisyon – ang kanyang tungkulin at maging ang buhay niya, para manatiling tapat sa kanyang Diyos.

Sa 3:7-18, sinasabi ni Daniel ang dapat na maging saloobin ng sumasampalataya: umasa sa tulong ng Diyos na makagagawa ng lahat. Ngunit alam din niya na hindi obligado ang Diyos na iligtas siya sa mahimalang paraan.

Binibigyang-diin ang mga pagkakamali ng mga hindi nakakakilala sa tunay na Diyos: sumasamba sila sa mga patay na bagay. Ginto ang nagsisilbing diyos nila (magkakahalaga ng limpak-limpak ang isang 30 metrong estatwa, pero lubos itong walang buhay). Pipi ang mga diyos na ito at walang buhay, pero niluluhuran pa rin ng mga taong may-isip ang mga ito. Kaiba sa Diyos na buhay na nakikinig at nagliligtas sa mga tapat sa kanya, hindi alam ng mga diyus-diyusan ang mga sumasamba sa kanila ni hindi sila matutulungan ng mga ito (pinatay ng lagablab ng apoy ang mga sundalong Kaldeo).

• 28. Itinuturo ng panalangin ni Daniel sa mga Judiong inuusig ang dapat nilang sabihin sa Diyos: "Panginoon, alalahanin mo ang iyong mga pangako at hindi ang aming mga kasalanan. Kahabagan mo ang iyong bayang aba, at halina't iligtas kami."

ayon sa katotohanan at katarungan bilang
parusa sa aming mga kasalanan.
29 Sapagkat nagkasala kami sa pagtalikod sa
iyo. Labis kaming nagkasala sa lahat ng bagay
at hindi kami nakinig sa mga utos mo. 30 Si-
nuway namin ang mga iyon at hindi tinupad ang
lahat ng iniutos mo para sa aming ikabubuti.
31 Sang-ayon sa iyong makatwirang hatol ang
lahat ng kapahamakang ipinadala mo sa amin.
32 Ibinigay mo kami sa aming mga kaaway na
tampalasan at pinakapusakal sa lahat ng ma-
sama, sa isang haring walang katwiran at pi-
nakamasama sa buong daigdig. 33 At ngayo'y ni
hindi kami makapagbuka ng bibig; kahihiya't
kadustaan ang tinamo ng mga naglilingkod at
sumasamba sa iyo.
34 Huwag mo kaming pabayaan magpakai-
lanman. Huwag mong itakwil ang iyong tipan
alang-alang sa iyong Pangalan. 35 Huwag mong
ilayo sa amin ang iyong habag, alang-alang kay
Abraham na iyong kaibigan, kay Isaac na iyong
lingkod, kay Israel na iyong banal, 36 na pina-
ngakuan mong pararamihin ang kanilang lipi na
gaya ng mga bituin sa langit at buhangin sa
dalampasigan.
37 Masdan mo, Panginoon, kung paano kami
naging pinakamaliit sa lahat ng bansa sa daigdig
at naaba dahil sa aming mga pagkakasala. 38 Sa
oras na ito, wala na kaming hari, propeta, o
pinuno man. Hindi na kami makapag-aalay sa
iyo ng susunuging handog, sakripisyo, hain, o
insenso. Wala na kaming lugar na pag-aalayan
sa iyo ng mga unang-bunga ng aming mga
pananim upang magtamo kami ng iyong pag-
papala. 39 Gayunman, kapag iniharap namin sa
iyo ang aming sariling taglay ang nagsisising
kaluluwa at mapagpakumbabang espiritu, ma-
ging karapat-dapat nawa kami sa iyo, higit
kaysa pag-aalay ng mga lalaking tupa at baka
bilang susunuging handog at libu-libong pinata-
bang tupa.
40 Sa aming sakripisyong ito ngayon, mag-
tamo nawa kami ng iyong pagpapala yamang
batid naming hindi nabibigo kailanman ang
nananalig sa iyo. 41 Buong puso ka naming pi-
naglilingkuran, pinagpipitaganan ka namin, at
hinahanap namin ang iyong mukha. 42 Huwag
mo kaming pabayaan sa pagkaalipusta; tangki-
likin sa iyong awa at kabutihan. 43 Palayain mo
kami ayon sa iyong kababalaghan at bigyan ng
luwalhati ng iyong Pangalan, Panginoon.
44 Malito nawa ang lumalapastangan sa iyong
mga lingkod, mapahiya nawa sila at mawalan
ng kapangyarihan. Durugin mo ang kanilang
lakas, 45 at nang malaman nilang tanging ikaw
ang Diyos at Panginoong maluwalhati sa sang-
kalupaan."
46 Walang humpay sa paggagatong ng langis,
alkitran, estopa at mga sanga ng kahoy ang mga
alipin ng hari na naghagis sa kanila sa pugon,
47 kaya naging malagablab ang apoy na lumam-
pas pa ng dalawampu't limang metro, 48 at natu-
pok tuloy ang mga Kaldeong nakatayo sa pali-
gid ng pugon.
49 Ngunit lumusong sa pugon ang anghel ng
Panginoon sa tabi nina Azarias; itinaboy niya
ang apoy palabas sa pugon 50 at humihip sa
gitna ng pugon ang isang malamig na simoy
tulad ng sa hangin at hamog, kayat hindi man
lamang sila nalapitan ng apoy ni nasaktan o
nagambala nito. 51 Dahil dito'y sabay-sabay si-
lang nagsiawit ng papuri at pagpapala sa Diyos
sa loob ng pugon at nagsabing:
52 "Pinagpala ka Panginoong Diyos ng aming
mga ninuno, purihin ka at parangalan magpa-
kailanman.
Pinagpala ang iyong banal at maluwalhating
Pangalan, inaawitan at pinararangalan magpa-
kailanman.
53 Pinagpala ka sa templo ng iyong banal na
Kaluwalhatian, inaawitan at pinupuri magpaka-
ilanman.
54 Pinagpala ka sa trono ng iyong kaharian,
inaawitan at niluluwalhati magpakailanman.
55 Pinagpala ka na nakatatarok sa mga kala-
liman, at nakaluklok sa piling ng mga kerubin,
pinupuri at pinararangalan magpakailanman.
56 Pinagpala ka sa kalawakan ng langit, pinu-
puri at niluluwalhati magpakailanman.
57 Lahat ng ginawa ng Panginoon, pagpalain
ninyo siya, purihin at parangalan magpa-
kailanman.
58 Mga anghel ng Panginoon, pagpalain siya,
purihin at luwalhatiin magpakailanman.
59 Sangkalangitan, pagpalain ang Pangi-
noon, purihin at parangalan magpakailanman.
60 Lahat ng tubig na nasa itaas, pagpalain ang
Panginoon, purihin at parangalan magpakai-
lanman.

---

Gayong gumagawa ng milagro ang Diyos sa istoryang ito, batid ng mga may-alam sa kasaysayan na maraming martir ang hindi naligtas sa kamatayan. Ayon sa sinasabi sa Sulat sa Mga Hebreo 11:39, hindi nakita ng mga matir na iyon ang pagtupad ng Diyos sa kanyang mga pangako: mas mabuting kapalaran ang inilaan sa kanila ng Diyos pagkamatay nila. Kaya si Daniel ang parang modelo ng mga sumasampalataya na pagkaminsa'y natatagpuan ang sariling nag-iisa sa harap ng maraming kaaway o mapaniil na kapangyarihan. Ayaw gawin ni Daniel ang ayaw ng Diyos.

61 Lahat ng kapangyarihan ng Panginoon,
pagpalain ang Panginoon, purihin at parangalan
magpakailanman.
62 Araw at buwan, purihin at parangalan siya
magpakailanman. 63 Mga bituin sa langit, puri-
hin at parangalan siya magpakailanman.
64 Ulan at hamog, purihin at parangalan siya
magpakailanman. 65 Lahat ng hangin, purihin at
parangalan siya magpakailanman.
66 Apoy at init, purihin at parangalan siya
magpakailanman. 67 Lamig at init, purihin at
parangalan siya magpakailanman.
68 Hamog at yelo, purihin at parangalan siya
magpakailanman. 69 Yelo at lamig, purihin at
parangalan siya magpakailanman.
70 Yelo at niyebe, purihin at parangalan siya
magpakailanman. 71 Mga araw at mga gabi,
purihin at parangalan siya magpakailanman.
72 Liwanag at dilim, purihin at parangalan
siya magpakailanman. 73 Kidlat at ulap, purihin
at parangalan siya magpakailanman.
74 Purihin at parangalan ng lupa ang Pangi-
noon magpakailanman. 75 Mga bundok at burol,
purihin at parangalan siya magpakailanman.
76 Lahat ng sumisibol sa lupa, purihin at para-
ngalan siya magpakailanman.
77 Mga bukal ng tubig, purihin at parangalan
siya magpakailanman. 78 Mga dagat at ilog, pu-
rihin at parangalan siya magpakailanman.
79 Mga balyena at isda, purihin at parangalan
siya magpakailanman. 80 Lahat ng ibon sa him-
papawid, purihin at parangalan siya magpa-
kailanman. 81 Mga hayop na mailap at maamo,
purihin at parangalan siya magpakailanman.
82 Mga anak ng tao, purihin at parangalan
siya magpakailanman. 83 Israel, purihin at pa-
rangalan siya magpakailanman.
84 Mga pari ng Panginoon, purihin at para-
ngalan siya magpakailanman. 85 Mga lingkod ng
Panginoon, purihin at parangalan siya magpa-
kailanman.
86 Mga espiritu at kaluluwa ng matuwid, puri-
hin at parangalan siya magpakailanman. 87 Mga
taong banal at may pusong mapagpakumbaba,
purihin at parangalan siya magpakailanman.
88 Ananias, Azarias, Misael, pagpalain ang
Panginoon, purihin at parangalan siya magpa-
kailanman. 89 Pagkat hinango niya tayo sa libi-
ngan, iniligtas sa kamatayan, sinagip sa nag-
liliyab na pugon at ipinag-adya sa apoy.
90 Pasalamatan ang Panginoon, sapagkat
siya'y mabuti at walang hanggan ang kanyang
habag.
90 Lahat ng nagsisisamba sa Panginoon, pag-
palain ang Diyos ng mga diyos, purihin at kilan-
lin siya pagkat walang hanggan ang kanyang
awa."
91 Sa laki ng pagkamangha, biglang napa-
tindig si Haring Nabucodonosor at nagtanong sa
kanyang mga tagapayo: "Hindi ba't tatlong la-
laking nakagapos ang inihagis natin sa apoy?"
Tumugon sila: "Totoo nga po." 92 Sinabi ng hari:
"Pero apat ang nakikita kong malayang nag-
lalakad sa gitna ng apoy at hindi sila naaano. At
mukhang anak ng mga diyos ang ikaapat."
93 Lumapit si Nabucodonosor sa bunganga
ng nagbabagang pugon at nagsalita: "Shadrak,
Mesak at Abednego, mga lingkod ng Kataas-
taasang Diyos, halikayo." Lumabas ang tatlo
mula sa apoy.
94 Nagsilapit ang mga pinuno, prepekto, go-
bernador at tagapayo ng hari. Nakita nilang
walang nalikhang pinsala ang apoy sa katawan
ng tatlo. Hindi man lamang nasunog ang ka-
nilang buhok, walang sunog na bahagi ng pan-
talon, at walang amoy ng usok.
95 Napabulalas si Nabucodonosor: "Pagpalain
ang Diyos nina Shadrak, Mesak at Abednego.
Nagpadala siya ng isang anghel upang iligtas
ang kanyang mga lingkod na sumuway sa utos
ng hari dahil sa pagtitiwala sa kanya at nagnais
na isugba sa apoy ang kanilang katawan sa
halip na sumamba sa ibang diyos liban sa kani-
lang Diyos. 96 Dahil dito, iniuutos ko na tadtarin
ng taga at wasakin ang bahay ng sinuman sa lahat
ng lipi at bansa na lumapastangan sa Diyos nina
Shadrak, Mesak at Abednego sapagkat wala
nang iba pang diyos na makapagliligtas na tulad
nito."
97 At itinaas ng hari sa tungkulin sina Shad-
rak, Mesak at Abednego sa lalawigan ng Babi-
lonia.

**Ang panaginip at ang pagkabaliw ni Nabucodonosor**

98 Si Haring Nabucodonosor sa lahat ng taga
saanmang bayan, bansa at wika sa lupa! Ka-
payapaan. 99 Ikinalulugod kong ipabatid sa inyo
ang lahat ng tanda at kababalaghang ginawa sa
akin ng Kataas-taasang Diyos.

100 Kaydakila ng kanyang mga tanda,
lubhang makapangyarihan ang kanyang
mga himala!
Walang hanggan ang kanyang kaharian.
Sa lahat ng salinlahi ang kanyang kapang-
yarihan.

**4**

1 Panatag ako, si Nabucodonosor, sa aking
bahay, at nananahimik sa aking palasyo
nang dalawin ng isang panaginip na nakata-
takot. 2 Labis akong nabagabag sa mga pangi-

taing nagdaan sa aking isip, 3 kaya ipinatawag
ko ang lahat ng pantas ng Babilonia upang
ipaliwanag nila ang kahulugan ng aking pana-
ginip.

4 Dumating ang mga mangkukulam, astro-
logo at manghuhulang Kaldeo at isinalaysay ko
sa kanila ang aking panaginip ngunit hindi sila
nakapagbigay-kahulugan nito. 5 Dumating din
si Daniel, na pinangalanang panibago ng Belte-
sazar alinsunod sa pangalan ng aking diyos,
yamang nananahan sa kanya ang espiritu ng
Diyos na Banal. Isinalaysay ko sa kanya ang
aking panaginip nang ganito: 6 Beltesazar, puno
ng mga pantas, alam kong taglay mo ang es-
piritu ng Diyos na Banal at walang lihim na
mahirap sa iyo. Ito ang aking panaginip at ikaw
naman ang magbibigay ng kahulugan.

7 Habang ako'y nasa kama, nanaginip ako ng
ganito. May isang punungkahoy sa gitna ng
mundo, at napakataas niyon. 8 Lumaki iyon
nang lumaki at nakaabot sa langit at ang mga
sanga niyon ay makikita sa mga dulo ng lupa.
9 Magaganda ang dahon, namumunga nang ma-
sagana at pinagkukunan ng pagkain ng lahat.
Sa lilim niyon nanganganlong ang mga hayop
sa parang, sa mga sanga niyon nagpupugad ang
mga ibon, at doon kumukuha ng pagkain ang
lahat ng nilalang.

10 Habang pinagmamasdan ko ang pangi-
tain, isang Banal na Tagapagbantay ang nanaog
mula sa langit. 11 Sumigaw siya nang malakas:
Putulin ang puno at ang mga sanga nito; alisin
ang mga dahon at itapon ang mga bunga.
Magsilayas sa lilim nito ang mga hayop gayun-
din ang mga ibon. 12 Ngunit iwan sa lupa ang
tuod at ang mga ugat na nagagapos ng mga
bakal at tanso sa mga damo sa parang. Matig-
mak nawa ito ng hamog ng langit at manginain
ng damo kasama ng mga hayop. 13 Mapalitan
nawa ng puso ng hayop ang kanyang pusong
tao sa loob ng pitong panahon.

14 Ito ang hatol na ibinigay ng mga Tagapag-
bantay, ang pasya ng mga Banal, upang ma-
batid ng lahat ng nabubuhay na naghahari ang
Kataas-taasan sa kaharian ng tao at humirang
ng nais niyang pamahalain sa mga iyon; nagta-
taas nga siya sa pinakamapagpakumbabang
tao.

15 Ito ang napanaginip ko, akong Haring
Nabucodonosor. Ikaw, Beltesazar, ipaliwanag
mo ito sa akin, yamang wala isa man sa mga
pantas ng aking kaharian ang makapagsabi ng
kahulugan nito. Ngunit kaya mo ito pagkat nasa
iyo ang espiritu ng Diyos na Banal."

16 Sandaling natigilan si Daniel, na tinagu-
riang Beltesazar. "Bakit mukha kang nabaga-
bag?" tanong ng hari. "Ano ba ang kahulugan
ng aking panaginip?" Tumugon si Beltesazar,
"Panginoon, nawa'y sa mga kaaway mo ang
panaginip na ito at ukol sa mga kalaban mo!"

17 "Ang nakita mong punungkahoy na na-
kaabot sa langit sa taas at laki at namasdan sa
buong lupa, 18 may magagandang dahon at
masaganang bunga na naging pagkain ng ma-
rami, ginawang silungan ng mga hayop at pi-
nagpugaran ng mga ibon – 19 ikaw ang punung-
kahoy na iyon, mahal na hari, pagkat lumago
ang kapangyarihan mo at nakaabot sa langit,
nakarating ang kaharian mo sa mga dulo ng
lupa.

20 Tungkol naman sa nakita ng hari: isang
Banal na Tagapagbantay na nanaog mula sa
langit at nagsabing putulin ang puno ngunit iwan
ang tuod at mga ugat na nagagapos ng mga
bakal at tanso sa mga damo sa parang, na
natigmakan ng hamog at nagdanas ng kala-
gayan ng hayop sa loob ng pitong panahon –
21 iyan ang ipaliliwanag ko ngayon.

Nangangahulugan iyan ng pasya ng Kataas-
taasan tungkol sa haring aking panginoon. 22 Ihi-
hiwalay ka sa mga tao at maninirahang kapiling
ng mga hayop sa parang. Kakain ka ng damo na
gaya ng baka at babasain ng hamog ng langit.
Pitong panahon ang lilipas sa iyo hanggang sa
kilanlin mong naghahari ang Kataas-taasan sa
kaharian ng mga tao at humirang ng nais niyang
pamahalain sa mga iyon.

23 Ang utos na iwan ang tuod at mga ugat ay
nangangahulugang mababawi mo ang iyong
kaharian sa sandaling kilanling nagbubuhat sa
langit ang lahat mong kapangyarihan. 24 Tang-
gapin nawa ng hari ang aking payo: pawiin mo
ang iyong mga pagkakasala sa paggawa ng
mabuti at ang iyong mga pagkakamali sa pag-
papakita ng awa sa dukha. Baka lumawig ang
iyong kasaganaan sa ganitong paraan."

25 Naganap sa Haring Nabucodonosor ang
lahat ng ito. 26 Makaraan ang labindalawang
buwan, samantalang naglalakad ang hari sa
taluktok ng kanyang palasyo sa Babilonia,
27 sinabi niya: "Hindi ba't ito ang dakilang Ba-
bilonia na itinayo ko sa aking kapangyarihan
para sa aking luwalhati at upang dito ako ma-
nirahan?"

28 Kasasalita lamang ng hari nang marinig
ang isang tinig mula sa langit: "Haring Nabu-
codonosor, sinasabi ko sa iyo: tapos na ang
iyong paghahari. 29 Ihihiwalay ka sa mga tao at
maninirahang kasama ng mga hayop sa pa-
rang. Kakain ka ng damo na gaya ng baka sa
loob ng pitong panahon hanggang sa kilanlin
mo na ang Kataas-taasan ang nagkakaloob ng

kapangyarihan sa taong kanyang minamara-
pat."
30 Natupad kaagad ang mga salitang ito. Ini-
hiwalay sa mga tao si Nabucodonosor, kumain
siya ng damo na gaya ng baka, nabasa ng
hamog ang kanyang katawan, hanggang sa
humaba ang kanyang buhok na tulad ng bala-
hibo ng agila at ang kanyang mga kuko na gaya
ng sa ibon.
31 Sa pagtatapos ng panahong ito, tumingala
sa langit akong si Nabucodonosor at nanum-
balik ang aking bait. Nagpuri ako sa Kataas-
taasan: Pagpalain at luwalhatiin ang nabubuhay
magpakailanman. Walang hanggan ang kan-
yang kapangyarihan, at mananatili ang kan-
yang kaharian sa lahat ng salinlahi. 32 Sa harap
niya, lumilitaw na walang kabuluhan ang lahat
ng naninirahan sa lupa. Ginagawa niya ang
gusto niya sa hukbo ng langit at sa mga na-
ninirahan sa lupa. Walang makapipigil sa kanya
o makahihingi ng pagsusulit ng kanyang gi-
nawa.
33 Nanauli nga ang aking bait. Nabawi ko ang
aking trono, at muli akong namahala para sa
ikaluluwalhati ng aking kaharian. Tinanggap
ako ng aking mga tagapayo at mga maharlika,
ibinalik sa aking trono at pinagkalooban ng higit
pang kapangyarihan.
34 Kaya ngayon, nagpupuri at lumuluwalhati
akong si Nabucodonosor sa Hari ng Langit.
Sapagkat totoo ang kanyang mga gawa, matu-
wid ang kanyang mga daan, at alam niya kung
paano aabahin ang nagsisilakad sa kapalaluan.

**Ang piging ni Belsasar**

**5** • 1 Naghandog ng piging si Haring
Belsasar para sa kanyang mga ma-
harlika. Sanlibo sa mga iyon ang nagsi-
dalo, at uminom siya ng alak sa piling
nila. 2 Dahil sa pagkalango, ipinakuha
niya ang mga kagamitang ginto at pilak
na sinamsam ng kanyang amang si
Nabucodonosor sa templo ng Jerusalem
at ginawang inuman ng mga maharlika at
ng kanyang mga asawa at babaeng
mang-aawit. 3 Dinala nga ang mga ka-
gamitang ginto at pilak na sinamsam sa
templo ng Diyos; doon nagsiinom ng alak
ang mga maharlika, ang hari at ang kan-
yang mga asawa at babaeng mang-aawit.
4 Habang naglalasingan sila, pinupuri na-
man nila ang mga diyus-diyusang yari sa
ginto at pilak, tanso at bakal, kahoy at
bato.
5 Biglang may lumitaw na mga daliri ng
tao sa tapat ng patungan ng lampara at
sumulat sa pader. At tumingin ang hari.
6 Namutla siya at nangatog ang kanyang
tuhod sa laki ng takot.
7 Pasigaw niyang tinawag ang kanyang
mga mangkukulam at mga manghuhu-
lang Kaldeo. Sabi niya sa mga pantas ng
Babilonia: "Daramtan ng purpura, pagsu-
suutin ng gintong kuwintas, at magiging
pangatlong pinakamataas na tagapama-
hala ng aking kaharian ang sinumang ma-
kababasa ng sulat na ito at makapagsa-
sabi ng kahulugan nito."
8 Dumating ang lahat ng pantas, ngunit
walang nakabasa ng sulat sa pader o na-
kapagsabi ng kahulugan niyon. 9 Takot na
takot si Haring Belsasar at lalo siyang
namutla. Natakot din at nalito ang kan-
yang mga maharlika.

10 Pagkarinig sa nababagabag na tinig ng hari
at mga maharlika, pumasok ang reyna sa
bulwagan ng piging at nagsabi: "Mabuhay ang
hari magpakailanman! Huwag kang matakot at
mamutla. 11 May isang taong may espiritu ng
Banal na Diyos sa iyong kaharian. Kilala siya na
may kakayahang manghula at sa pagkakaroon
ng makadiyos na karunungan noong nabu-

• **5.**1 Ang istoryang ito ay matatawag na: Parusa sa mga paglapastangan sa mga sagradong bagay.

Tatlong salita ang tumutukoy sa kapalaran ng mga lumoloko sa Diyos:

– dumarating ang wakas na hindi nila mapipigilan;

– mahahayag na wala silang ginawang kapaki-pakinabang sa buong buhay nila;

– maglalaho sila kasama ng kanilang mga gawa.

Alam ng Biblia na ipinakikilala ng Diyos ang kanyang sarili hindi lamang sa mga pangyayaring nagpapakita ng kanyang kabutihan kundi pati sa iba pang mga pangyayari na maliwanag na tanda na may Diyos na naggagawad ng katarungan. Maraming beses na ang mga lumilibak sa Diyos ay inaabot ng malas na dumarating bilang sagot sa kanilang kawalang-hiyaan.

Hindi gaanong binibigyang-pansin ng sumulat ng mga kabanatang ito ang tunay na naganap nang panahong iyon na siyang ginagalawan ng kanyang mga tauhan: sa katunaya'y si Ciro ang sumakop sa Babilonia, namatay si Belsasar at sumunod naman sa kanya si Dario.

buhay pa ang iyong ama. Kaya hinirang siya ng
iyong amang Haring Nabucodonosor bilang
puno ng mga mahiko, mangkukulam at mang-
huhula. 12 Ito'y si Daniel na pinangalanan ng hari
na Beltesazar. Napatunayan siyang marunong
at may talino't kakayahan para magbigay-
kahulugan sa panaginip, makapagpaliwanag ng
mga bugtong at makalutas ng mahihirap na
problema. Kaya ipatawag mo siya at sasabihin
niya ang kahulugan ng sulat na iyan."

13 Ipinatawag nga si Daniel at sinabi ng hari:
"Ikaw ba si Daniel, isa sa mga bihag na dinala ng
aking ama mula sa Juda? 14 Nabalitaan kong
taglay mo ang espiritu ng mga diyos at mayroon
kang pambihirang pang-unawa at karunungan.
15 May mga pantas at mang-kukulam na dinala
rito, pero hindi sila nakabasa at nakapagsabi ng
kahulugan ng sulat na ito. 16 Marunong ka raw
magbigay-kahulugan sa panaginip at nakalu-
lutas ka ng mga problema. Kung mababasa mo
ang sulat na ito at masasabi ang kahulugan,
daramtan ka ng purpura, pagsusuutin ng gin-
tong kuwintas, at hihiranging pangatlo sa
ranggo sa aking kaharian."

17 Tumugon si Daniel: "Sa iyo na ang
iyong mga handog, o ibigay mo iyon sa
iba. Gayunma'y babasahin ko at sasabi-
hin ang kahulugan ng nakasulat na iyan.
18 Pinagkalooban ng Kataas-taasang Di-
yos ang iyong amang si Nabucodonosor
ng kaharian, kapangyarihan, kaluwal-
hatian at kadakilaan. 19 Dahil diya'y kina-
takutan siya ng lahat ng bansa ng iba't
ibang wika. Hawak niya ang buhay at
kamatayan ng sinuman. Naitataas niya at
naibabagsak ang sinumang kanyang ma-
gustuhan. 20 Ngunit nang maging palalo
siya at matigas ang ulo, inalisan siya ng
kapangyarihan at kaluwalhatian. 21 Inihi-
walay siya sa mga tao at nawalan ng bait
na tulad ng isang hayop. Namuhay siyang
kasama ng maiilap na asno at kumain ng
damo na gaya ng baka, at ang kanyang
katawa'y nabasa ng hamog ng langit,
hanggang sa kilanlin niya ang Kataas-
taasang Diyos na naghahari sa kaharian
ng mga tao at humihirang ng nais niyang
pamahalain sa mga iyon. 22 Ngunit ikaw na
kanyang anak, Belsasar, bagamat alam
mo ang lahat ng ito, ay hindi nagpakum-
baba. 23 Nilapastangan mo ang Panginoon
ng langit. Ipinakuha mo ang mga kagami-
tan sa kanyang templo at nilagyan ng alak
na ininuman mo kasama ng iyong mga
maharlika at mga asawa at babae. Pinuri
mo ang mga diyus-diyusang yari sa pilak
at ginto, tanso at bakal at bato, na hindi
nakaririnig ni nakakakita o nakauunawa;
ngunit hindi mo niluwalhati ang Diyos na
siyang may hawak sa buhay mo at sa lahat
ng iyong kayamanan. 24 Kaya ipinadala
niya ang kamay na sumulat. 25 Ganito ang
nakasulat: MENE MENE, TEKEL,
PARSIN. At ito naman ang kahulugan:
26 MENE, bilang na ng Diyos ang mga
araw ng paghahari mo at tinapos niya ito;
27 TEKEL, tinimbang ka ngunit kulang;
28 PARSIN, hinati ang kaharian mo at ibi-
nigay sa mga Medo at Persa."

29 Sa utos ni Belsasar, dinamtan ng pur-
pura si Daniel, binigyan ng kuwintas na
ginto, at ipinahayag na pangatlong pina-
kamataas na tagapamahala ng kaharian.
30 Ngunit nang gabing iyon, ang haring
Kaldeo na si Belsasar ay pinatay.

6 1 At naging hari si Dario na Medo sa
gulang na animnapu't dalawa.

**Inihagis si Daniel sa kulungan ng mga leon**

2 Humirang si Dario ng sandaan at dalawam-
pung kinatawan para sa lahat ng mga probinsya
ng kanyang kaharian. Ipinailalim sila sa tatlong
administrador, na ang isa ay si Daniel. Ito ay
upang matiyak na walang kapinsalaang sasapit
sa hari. 3 Dahil sa pambihirang espiritung nana-
nahan sa kanya, nahigtan ni Daniel ang lahat ng
iba pang mga administrador at kinatawan, kung
kaya binalak ng hari na pagkalooban siya ng
kapangyarihan sa buong kaharian. 4 Ikinainggit
ito ng mga administrador at kinatawan, at pi-
nagsikapan nilang makahanap ng isang dahilan
upang maipahamak si Daniel kaugnay ng pag-
tupad niya sa kanyang mga gawaing opisyal.
Ngunit dahil sa matapat at hindi pabaya sa
gawain si Daniel, wala silang makitang pagka-
kasala na maipaparatang sa kanya. 5 Sa wakas,
ipinasya ng kanyang mga kaaway: "Wala ta-
yong maipaparatang kay Daniel liban sa isang
bagay na may kinalaman sa batas ng kanyang
Diyos."

[6]Kaya nga magkakasamang nakipagkita sa hari ang mga administrador at kinatawan at sinabi: “Mabuhay ka magpakailanman, Haring Dario. [7]Ang mga administrador ng kaharian, mga prepekto, kinatawan, tagapayo at gobernador ay nagkaisang humiling na magkaroon ng isang kautusang nagbabawal sa sinumang manalangin o humiling sa alinmang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, liban sa iyo, mahal na hari, at ihahagis ang susuway rito sa kulungan ng mga leon. [8]Ipasulat mo ang kautusang ito at lagdaan kaagad, upang huwag nang mabago o mapawalang-bisa pa, alinsunod sa mga batas ng mga Medo at Persa.” [9]Ipinasulat ni Haring Dario ang pagbabawal at nilagdaan upang maging batas.

[10]Nang mabalitaan ni Daniel na napahayag na ang bagong batas, umuwi siya ng bahay. Sa kanyang kuwarto sa itaas, may mga bintanang nakabukas nang paharap sa Jerusalem, at tatlong beses na nagdasal isang araw, nagpasalamat sa kanyang Diyos. Ito ang lagi na niyang ginagawa. [11]Nakita ng nagmamanmang mga tao ang pananalangin at paghingi ng tulong ni Daniel sa Diyos. [12]Kaya nagtungo sila sa hari at ipinaaalaala rito ang tungkol sa bagong batas. “Mahal na hari, hindi po ba't may bagong kautusang nagbabawal sa sinumang dumalangin at humiling sa alinmang diyos o tao liban sa iyo, at ihahagis sa kulungan ng mga leon ang sumuway rito?”

Tumugon ang hari: “Totoo, at dapat ipatupad ang kautusan nang walang pagbabago alinsunod sa mga batas na Medo-Persa.” [13]At sinabi nila: “Hindi nakikinig sa iyo at sa kautusan mo ang Judiong si Daniel. Dumadalangin siya sa ibang diyos liban sa iyo tatlong beses isang araw.”

[14]Labis na nalungkot ang hari sa narinig at ipinasya niyang iligtas si Daniel. Ginawa niya ang lahat ng paraan hanggang sa paglubog ng araw upang mailigtas si Daniel.

[15]Ngunit nagpatuloy ang mga tao ng paglapit sa kanya at nagpumilit: “Alalahanin mo, mahal na hari, na sa ilalim ng mga batas na Medo-Persa, hindi mababago ang alinmang kautusan o pagbabawal na nilagdaan ng hari.”

[16]Walang nagawa ang hari kundi ipasundo si Daniel at ipatapon sa kulungan ng mga leon. Sinabi ng hari kay Daniel: “Nawa'y iligtas ka ng Diyos na matapat mong pinaglilingkuran.”

[17]Nilagyan ng panarang bato ang kulungan, at tinatakan iyon ng hari sa pamamagitan ng kanyang pantatak na sinsing, at gayundin ng kanyang mga maharlika, upang manatiling walang pagbabago ang katayuan ni Daniel. [18]Pagkatapos, nagbalik sa palasyo ang hari. Magdamag siyang hindi natulog, tumangging kumain at ayaw paaliw. [19]Maagang-maaga siyang nagbangon kinaumagahan at nagmamadaling nagtungo sa kulungan ng mga leon. [20]Nang malapit na siya, buong pagkabahala siyang tumawag: “Daniel, lingkod ng Diyos na buhay, iniligtas ka ba ng Diyos na matapat mong pinaglilingkuran?”

[21]Tumugon si Daniel: “Mabuhay ka magpakailanman, mahal na hari! [22]Nagpadala ng kanyang anghel ang aking Diyos na nagtikom sa bibig ng mga leon kaya hindi nila ako sinaktan. Ginawa iyon ng Diyos pagkat alam niyang wala akong kasalanan. Wala rin akong pagkakasala sa iyo, mahal na hari.”

[23]Tuwang-tuwa ang hari at iniutos niyang alisin si Daniel sa kulungan ng mga leon. Walang sugat na nakita kay Daniel pagkat nanalig siya sa kanyang Diyos. [24]Sa utos ng hari, inihagis sa kulungan ng mga leon ang mga taong nagparatang kay Daniel, kasama ng kanilang asawa't mga anak. Kaagad silang sinugod ng mga leon at pinaggutay-gutay.

[25]Sumulat si Haring Darius sa mga nasakop niyang bansa, bayan at wika: “Kapayapaan ang sumainyo! [26]Ipinag-uutos ko sa mga tao ng lahat ng mga kahariang nasasakop ko na sambahin nila at katakutan ang Diyos ni Daniel.

“Siya nga ang Diyos na buhay at nananatili magpakailanman.
Hindi mawawasak ang kanyang kaharian;
hindi magwawakas ang kanyang paghahari.
[27]Nagliligtas siya, gumagawa ng mga kababalaghan
sa langit at lupa.
At iniligtas niya si Daniel sa mga leon.”

[28]Nagtamasa ng kasaganaan si Daniel noong naghari si Dario at ang Persang si Ciro.

**Pangitain tungkol sa apat na kaharian**

**7** [1]Sa unang taon ng paghahari ni Belsasar ng Babilonia, nagkaroon ng panaginip at mga pangitain si Daniel sa kanyang pagtulog. Pagkagising, isinulat niya ang panaginip, na ganito ang pagkakasalaysay:

[2]Sinabi ni Daniel: Nakita ko sa pangitain ang isang malaking dagat na binabayo ng apat na hangin ng langit. [3]Apat na magkakaiba at malalaking halimaw ang umahon mula sa dagat.

[4]Ang una ay tulad ng leon na may pakpak ng agila. Habang nakatingin ako, tinanggal ang pakpak niyon. Iniangat iyon sa lupa, parang taong tumayo sa dalawang paa, at pinagkalooban ng puso ng tao. [5]Ang ikalawang hayop ay tulad ng oso; nakatayo iyon sa dalawang hulihang paa at may tangay na tatlong tadyang.

Pinagsabihan iyon: "Humayo ka at lumamon ng
maraming karne." 6 Nakita ko ang isa pang
halimaw na parang leopardo at may apat na
pakpak sa likod; may apat na ulo iyon at pinag-
kalooban ng kapangyarihan.

7 Nagpatuloy ang aking mga pangitain, at
nakita ko ang ikapat na halimaw. Nakatatakot
ito at napakalakas. Lahat ng sakmalin nito'y
niluluray ng malalaking bakal na ngipin, at dinu-
durog ng paa ang anumang malabi. Naiiba ito sa
nangaunang halimaw; mayroon itong sampung
sungay. 8 Nakita kong nabunot ang tatlo sa mga
sungay nang sumibol ang isa pang munting
sungay. Tulad ng sa tao ang mga mata nito at
bibig na nagsasalita ng mga kapalaluan.

**Ang anak ng tao**

• 9 Habang ako'y nagmamasid, may
mga luklukang inilagay, at naupo ang
Isang Matandang-matanda. Simputi ng
niyebe ang kanyang damit, simbusilak ng
maputing lana ang kanyang buhok. Mga
liyab ng apoy ang kanyang luklukang
may mga gulong na naglalagablab.
10 Isang ilog na apoy ang bumukal at
umagos sa kanyang harapan. Libu-libo
ang naglilingkod sa kanya at di-mabilang
ang nangakatayo sa kanyang harapan.
Nagsiupo ang mga kabilang sa huku-
man at binuksan ang mga aklat. 11 At
habang ginugunita ko ang mapalalong
pananalita ng Sungay na may mata at
bibig na parang sa tao, pinatay ang hayop
na ito sa harap ko at inihagis sa apoy ang
bangkay. 12 Inalisan ng kapangyarihan
ang iba pang mga halimaw, bagamat pi-
nahintulutan pa silang mabuhay nang
kaunting panahon hanggang sa takdang
oras.

13 Nagpatuloy ang pangitain. Isang tulad
ng anak ng tao ang nakita kong sakay
ng ulap. Lumapit siya sa Matandang-ma-
tanda, 14 at siya'y pinagkalooban ng ka-
pangyarihan, karangalan at kaharian. Pi-
naglingkuran siya ng lahat ng tao sa bawat
bayan, bansa at wika. Walang hanggan ang
kanyang kapangyarihan at hindi kailan-
man lilipas; hindi kailanman mawawasak
ang kanyang kaharian.

15 Lubhang naligalig akong si Daniel dahil sa
malaking takot sa mga pangitain. 16 Nilapitan ko
ang isa sa mga nakatayo roon at hiniling na
sabihin sa akin ang kahulugan ng lahat. Pinag-

---

• **7.**9 Pareho ang nilalaman at kahulugan ng sumusunod na detalyadong pangitain gaya ng pangitain tungkol sa estatuwa ni Nabucodonosor (kab. 2).

Ipinapakitang isinasagisag ng mga hayop ang apat na imperyong nakapangyari sa bansang Judio hanggang sa panahon ng matinding pag-uusig. Tinitiyak ng mga berso 23-25 na ang imperyo ng Siria ang ikapat na hayop, at si Haring Antioko Epifanes *ang sungay* na umiinsulto sa Diyos. At tulad ng nasa 2:34 at 44, ibinabalita rin ang pakikialam ng Diyos para igupo ang lakas ng maniniil at itatag ang kaharian ng Diyos. Dito sa 7:11 at 7:26, ipinahahayag ang hatol sa mang-uusig. Sa 2:34 naman, kailangang maintindihan ang *bato* bilang kapangyarihan ng Diyos. Dito sa 7:13, kumakatawan ang *anak ng tao* sa bayang Israel, na lingkod ng Diyos, na nasa mga plano na ng Diyos mula pa sa simula ng daigdig at sa takdang panaho'y tinatanggap niya ang kapangyarihang pamunuan ang lahat ng bansa: 7:27.

Mali kung hahanapin sa talatang ito ang pagtukoy sa mga mangyayari sa panahon ni Jesus, gaya ng ginagawa ng ilan. Lalo namang hindi natin ito dapat gamitin para tukuyin ang ating panahon na para bang tayo na ang pinakasentro ng lahat. Sa pinakamasamang sandali ng pag-uusig sa panahon ng mga Macabeo nagsusulat ang awtor at ibinabalita niya ang wakas ng pag-uusig ni Antioko (1 Mac 5:55-60) at ang pagdating ng Kaharian ng Diyos. Talagang likas sa mga librong propetiko ang paraang ito ng pagsasama sa iisang paglalarawan ang nalalapit na pangyayari gaya ng isang malaking pagpapalaya, at ang ganap na pagpapalaya na siyang magiging wakas ng ating kasaysayan. Ganito rin ang ginawa ni Jesus nang magsalita siya tungkol sa wakas ng Jerusalem (Mc 13).

*Sa mga ulap ng langit:* tanda ng presensya ng Diyos ang ulap.

*Ang Matanda:* ito ang Diyos, at tanda naman ng kadakilaan ang kanyang puting buhok. Alalahanin natin na sa totoo'y walang edad ang Diyos kundi buhay siya sa bukod-tanging sandali, sa isang kasalukuyang laging ngayon.

*Isang anak ng tao,* o isang tao (13): nalalarawan sa mahiwagang tauhang ito ang buong bayan ng Diyos (b. 27). Pero kung ginustong ibigay ng Diyos ang kanyang Kaharian sa mga tao, ibibigay nga niya ito sa isang personal na paraan sa kanya na siyang modelo, tagapagligtas at ulo ng lahat ng tao at ng sangkatauhan. Si Jesus *ang Tao* (Jn 19:5), o ayon sa pagsasalita ng mga Judio, *ang anak ng tao.*

Dumarating ang anak ng tao galing sa mga ulap ng langit. Kayat ginamit ni Jesus ang propesiyang ito para palitawin na siya'y mula sa Diyos samantalang ang kahinaan naman ng kanyang kalagayan bilang tao ang nakikita sa kanya ng mga umaakusa sa kanya. Mt 26:64

bigyan niya ako. Aniya: 17 "Ang apat na hayop
ay apat na haring sisipot sa lupa. 18 Ngunit ang
mga banal ng Kataas-taasan ang tatanggap ng
kaharian at mag-aangkin niyon magpakailan-
man."

19 Ninais kong mabatid ang kahulugan ng
ikapat na halimaw, na naiiba sa nangauna,
lubhang nakatatakot, may bakal na ngipin
at tansong kuko, nananakmal at lumuluray,
dumudurog sa anumang nalabi. 20 Ninais ko ring
mabatid ang tungkol sa sampung sungay na ang
tatlo'y nabunot nang sumibol ang isa pang su-
ngay, gayundin ang tungkol sa munting sungay
na itong may mga mata at bibig na nagsasalita
ng kapalaluan at waring higit pa kaysa iba pang
mga sungay.

21 Nakita ko nga ang sungay na ito na nakiki-
digma sa mga banal at nagwawagi, 22 hanggang
sa pagdating ng Matandang-matanda na binig-
yang-katarungan ang mga banal ng Kataas-
taasan, at sumapit ang panahon na tinanggap
ng mga banal ang kaharian.

23 At ipinaliwanag sa akin:

• "Ang ikapat na hayop ay ang lilitaw na
ikapat na kaharian sa lupa, naiiba kaysa lahat ng
nangaunang kaharian. Sasakmalin niyon ang
lupa, dudurugin at wawasakin. 24 Ang sampung
sungay naman ay sampung hari na lilitaw mula
sa kahariang ito. Isa pa ang lilitaw na kasunod
nila at tatlong hari ang itutumba nito. 25 Lala-
pastanganin ng haring ito ang Kataas-taasan at
uusigin ang mga banal. Sisikapin niyang ba-
guhin ang mga kapistahan at batas. Ibibigay sa
kanyang kapangyarihan ang mga banal sa
isang panahon, dalawang panahon at kalaha-
ting panahon.

26 Ngunit darating ang paghuhukom, aalisin
sa kanya ang paghahari at siya'y lilipuling lubos.
27 At ibibigay sa mga banal ng Kataas-taasan
ang paghahari, pamamahala at pamumuno sa
lahat ng kaharian sa daigdig. Walang hanggan
ang kanyang kaharian. Maglilingkod at ma-
papailalim sa kanya ang lahat ng kaharian.

28 Dito magwawakas ang salaysay. Labis na
nabagabag, namutla akong si Daniel at kinim-
kim ko sa aking puso ang mga bagay na ito.

### Isa pang pangitain tungkol kay Haring Antioko

**8** • 1 Sa ikatlong taon ng paghahari ni
Belsasar, nagkaroon akong si Daniel ng
isa pang pangitain. 2 Nakita ko ang aking sarili
sa Susa, nakukutaang lunsod sa probinsya ng
Elam; nakatayo ako sa pampang ng ilog Ulai.

3 Tumingala ako at nakita ko ang isang lala-
king tupa na nakaharap sa ilog. Mayroon itong
dalawang mahahabang sungay ngunit mas ma-
haba ang ikalawang sungay kaysa una. 4 Nakita
ko ang lalaking tupa na nanunuwag pakanluran,
pahilaga at patimog, at walang hayop na ma-
kalaban ni makatakas dito. Ginawa nito ang
lahat ng maibigan, at ito'y naging makapang-
yarihan.

5 Habang nag-iisip ako, isang lalaking kam-
bing ang dumating mula sa kanluran; para itong
lumilipad at hindi sumasayad sa lupa. Ito ay may
isang malaking sungay sa pagitan ng mga mata.
6 Buong bagsik na tumakbo ito palapit sa lala-
king tupang may dalawang sungay. 7 Nakita ko
kung paano nito sinalakay ang lalaking tupa at
binali ang dalawang sungay. Walang nagawa
ang tupa; nabuwal ito at hindi nasaklolohan ng
sinuman.

8 Naging napakamakapangyarihan ang la-
laking kambing ngunit nabali ang malaking
sungay nito at sumibol sa kinaroroonan niyon
ang apat na malalaking sungay na nakaharap sa
apat na hangin ng langit, 9 Nagsupling mula sa
isa sa mga ito ang isang munting sungay na
lumaki nang lumaki pagawi sa timog at silangan
at sa Magandang Lupain.

10 Lumaki rin iyong pagawi sa hukbo ng la-
ngit, at inihagis niyon sa lupa ang isang bahagi

---

• 23. Ang mga Judio ng taong 170-160 ay hindi puwedeng magkamali sa lihim na pagpapahiwatig na ito kay Haring Antioko, *ang haring wawasak sa tatlong hari, iinsulto sa Kataas-taasan at uusig sa mga banal.*

*Isang panahon, dalawang panahon at kalahating panahon:* tatlo't kalahati ang ibig sabihin nito. Nang panahong iyon, isa itong matalinghagang paraan ng pagtukoy sa panahon ng kasamaan (tatlo't kalahati ang kalahati ng pito na bilang ng kaganapan at kabuuan).

*Ang mga banal* ang mga ibinukod ng Diyos mula sa mga tao para maging kanya. Mula pa kay Moises, may kamalayan na ang bayang Judio sa pagiging isang bayang banal dahil sila'y para sa Diyos na Banal. Pero mula sa panahon ni Daniel, ginamit na "ang mga banal" para sa bagong bayan ng Diyos na magsisimula sa paghahari ng Mesiyas. Alam din ng mga unang Kristiyano ang pagiging bagong bayang ito ng Diyos, kayat tinawag nila ang kanilang sarili bilang "mga banal" (tingnan ang Mga Gawa 9:32).

• **8.**1 Parehong mensahe ang inuulit sa mga sumusunod na kabanata. Darating ang Diyos sa pinakapeligrosong panahon ng pag-uusig. Marami pang detalye ang ibinibigay para bigyang-katiyakan ang mga Judio na ang lahat ng pangyayaring nasasaksihan nila ay alam na ng Diyos antemano: habang nagaganap pa lamang ang mga pangyayari, naitakda na ng Diyos ang panahon ng kanyang pagdating para magligtas.

ng mga bituin at dinurog ng mga paa. [11] Nagpalalo iyon sa harap ng Pinuno ng hukbo, inalis ang pang-araw-araw na handog, winasak ang templo [12] at ang hukbo. Sa lugar ng pang-araw-araw na handog inilagay niya ang Kasuklam-suklam at inihagis sa lupa ang Katotohanan. Anumang ginagawa niya ay nagtatagumpay.

[13] Narinig kong may dalawang banal na naguusap, at nagtanong ang isa: "Kailan magaganap ang pangitain? Papaano ang pang-arawaraw na paghahandog, ang Kasuklam-suklam na mangwawasak, ang niyurakang santuwaryo at hukbo?" [14] Ang sagot: "Hanggang sa makaraan ang dalawang libo at tatlong daang gabi at umaga, at saka muling itatayo ang templo."

[15] Habang nakatingin akong si Daniel sa pangitain at sinisikap unawain iyon, bigla kong nakita sa aking harapan ang isang kamukha ng tao, [16] at narinig kong sumigaw sa kanya ang isang tinig mula sa ilog Ulai: "Gabriel, ipaliwanag mo sa taong ito ang pangitain."

[17] Lumapit siya sa akin. Natakot ako at nagpatirapa. Sabi niya: "Anak ng tao, unawain mo ito: ang pangitai'y tungkol sa wakas ng panahon." [18] Samantalang nagsasalita siya, nawalan ako ng malay at nalugmok na padapa. Itinayo niya ako [19] at sinabi: "Ihahayag ko sa iyo ang mangyayari kapag ibinuhos na ang poot, pagkat nakatakda na ang wakas.

[20] Ang nakita mong lalaking tupa, na may dalawang sungay ay ang mga hari ng Media at Persia. [21] Ang mabalahibong lalaking kambing ay ang hari ng Gresya; ang malaking sungay sa pagitan ng mga mata niyon ay ang una sa kanilang mga hari; nabali ang sungay; [22] at ang apat na sungay na sumibol sa kinaroroonan niyon ay ang apat na kahariang babangon mula sa bansang ito, gayunma'y hindi ito mapapantayan ng mga iyon.

[23] Sa pagwawakas ng kanilang pamamahala, kapag naganap na ang bilang ng kanilang mga kasalanan, isang hari ang lilitaw, palalo at tuso. [24] Lalago ang kanyang kapangyarihan, kung kaya magbabalak siya ng mga bagay na di pa naririnig ng una. Magtatagumpay ang anumang isagawa niya. Lilipulin niya ang malalakas at wawasakin maging ang bayan ng mga banal. [25] Magsasagawa siya ng mga pandaraya at paniniwalaan ng marami. Marami siyang pupuksain habang matiwasay sila. Lalabanan niya kahit ang Prinsipe ng mga prinsipe, ngunit malulupig siya nang hindi mamamagitan ang kamay ng tao.

[26] Totoo nga ang sinasalaysay ng pangitain tungkol sa mga umaga at gabi ngunit ingatan mo ang lihim na ito, pagkat sa malayong hinaharap lang ito matutupad."

[27] Nawalan ng malay akong si Daniel at ilang araw na naratay. Gumaling ako at nagbalik sa gawain sa palasyo. Ngunit iningatan ko ang lihim tungkol sa pangitaing hindi ko naunawaan.

**Ang dalangin ni Daniel**

**9** • [1] Nang unang taon ng paghahari ni Dario, na anak ni Ahasuerus ng liping Medo, na naging hari ng Kaldea, naganap ang sumusunod:

[2] Nag-iisip akong si Daniel tungkol sa bilang ng mga taon na alinsunod sa kasulatan ay mananatiling wasak ang Jerusalem. May binanggit si Yawe na pitumpung taon kay propeta Jeremias. [3] Dumulog ako sa Panginoon, nagsumamo sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Nagpenitensya ako, nagdamit ng sako at naupo sa abo.

[4] Dumalangin ako kay Yawe, ang aking Diyos, at nagsagawa ng ganitong pangungumpisal: "Panginoong Diyos na dakila at dapat katakutan, iniingatan mo ang iyong Tipan at pag-ibig para sa mga umiibig sa iyo at tumutupad sa iyong kautusan. [5] Nagkasala kami, hindi naging makatarungan, naghimagsik at tumalikod sa iyong mga kautusan. [6] Hindi namin pinakinggan ang iyong mga lingkod, ang mga propetang nagsalita sa pangalan mo sa aming mga hari, pinuno, ninuno at lahat ng tao sa lupain.

[7] Ikaw ang makatarungan, Panginoon, ngunit kami ang dapat mahiya gaya ng sa araw na ito, kaming mga taga-Juda, mga mamamayan ng Jerusalem – sa buong Israel, malapit o malayo man, sa lahat ng lupaing pinagtapunan mo sa amin dahil sa pagtataksil namin sa iyo. [8] Amin ang kahihiyan, Panginoon, yamang nagkasala kami sa iyo, pati ang aming mga hari, mga prinsipe, at mga magulang.

[9] At nasa Panginoon naman ang pagpapatawad at pagkahabag ng aming pinaghimag-

---

• **9.1** Pinagninilayan ni Daniel ang propesiya ni Jeremias (25:11) tungkol sa pitumpung taon ng pagkatapon ng mga Judio sa Babilonia. Binibigyan siya ni Anghel Gabriel ng iba pang mensahe tungkol sa pitumpung sanlinggo ng mga taon. Isa sa pinakatanyag na mga propesiya sa libro ni Daniel ang mensaheng ito.

sikan. 10 Hindi namin pinakinggan ang tinig ni
Yawe na aming Diyos; hindi namin tinupad ang
batas na ibinigay niya sa amin sa pamamagitan
ng kanyang mga lingkod na propeta.
11 Sa halip na pakinggan ang tinig mo, tina-
likdan ng buong Israel ang iyong kautusan.
Kaya nga sumapit sa amin ang sumpa at mga
babalang nakasulat sa Batas ni Moises, ang
lingkod ng Diyos sapagkat nagkasala kami sa
kanya. 12 Tinupad niya ang mga babala laban sa
amin at sa aming mga tagapamahala: pinadal-
han niya kami ng sakuna na wala pang nakaka-
tulad sa mga sumapit na sa Jerusalem.
13 Sumapit sa amin ang lahat ng kapaha-
makang ito, gaya ng nasusulat sa Batas ni
Moises, ngunit hindi namin sinikap na payapain
ang poot ni Yawe na aming Diyos. Hindi kami
tumalikod sa pagkakasala, hindi nakinig sa
iyong katotohanan. 14 Isinagawa ni Yawe ang
kanyang babala at pinadalhan kami ng saku-
nang ito, sapagkat makatarungan siya sa lahat
niyang gawa at kami nama'y hindi nakinig sa
kanyang tinig.
15 Panginoong aming Diyos na humango sa
amin sa pagkaalipin sa Ehipto at natanyag
hanggang sa araw na ito, kinikilala namin ang
aming pagkakasala sa iyo. 16 Alang-alang sa
iyong awa, ilayo mo ang iyong poot sa Jerusa-
lem na iyong lunsod at banal na bundok. Dahil
sa pagkakasala namin at ng aming mga ninuno,
inaalipusta ang Jerusalem at ang bayan mo ng
lahat ng nakapaligid sa amin.
17 Kaya nga, aming Diyos, dinggin mo ang
dalangin at hiling ng iyong lingkod. Pagliwa-
nagin mo ang iyong mukha sa iyong nagdilim na
santuwaryo. 18 Diyos ko, pakinggan at masdan
mo kung paano gumuguho ang lunsod na pi-
nagpahayagan ng iyong pangalan. Hindi kami
nananalig sa aming mabubuting gawa, kaya
dumadalangin kami sa iyo at nananalig sa iyong
walang hanggang awa.
19 Patawarin mo kami, Panginoon! Dinggin
mo kami, Panginoon! Kumilos ka agad, aming
Diyos, alang-alang sa iyo, yayamang taglay ng
lunsod at ng iyong bayan ang Pangalan mo."

### Ang hula tungkol sa pitumpung linggo

• 20 Sa oras ng pag-aalay sa gabi, nag-
sasalita pa ako, nagpapahayag ng mga

---

• 20. Mga salitang mahirap intindihin ang sinasabi muna ni Gabiel (b. 24), at saka niya ipaliliwanag.

*Wakasan ang kawalang-katarungan, pawiin ang paglabag, ihatid ang katarungan.* Kaya't maliwanag na ibinabalita ang pagdating ng paghahari ng Diyos. Papahiran ang Kabanal-banalan: tumutukoy ito sa Kabanal-banalang lugar, ibig sabihi'y ang Templo. Matapos lapastanganin ng mga paganong manlulupig, babaguhin ito para maging pangwalang-hanggang tirahan ng Diyos sa gitna ng kanyang bayan.

Narito ngayon ang paliwanag na bigay mismo ni Gabriel na sinisiguro na agad na magaganap ang lahat ng ito. Ang pitumpung sanlinggo ay matalinhagang bilang ng mga sanlinggo ng mga taon, at hindi puwedeng intindihin nang literal liban sa unang pitong sanlinggo: ito ang panahong nasa pagitan ng taong 587 sa pagkawasak ng Templo ng Jerusalem at ng taong 538 sa dekreto ng pagpapalaya ni Ciro, na tinatawag na Pinahiran ng Diyos sa Is 45.

Pagkatapos ay sumasapit naman ang isang panahong di eksakto, na kinakatawan ng animnapu't dalawang sanlinggo ng mga taon at naghahatid sa simula ng pag-uusig ni Antioko sa taong 171. Sa taong ito pinaslang ang Punong-paring si Onias: *isang pinahiran ang mamamatay.* At kasunod nito'y ipinatigil ng mang-uusig ang pagsamba sa Templo ng Jerusalem at nagtayo pa siya ng ibang altar para kay Baal Samen sa ibabaw ng altar ng mga sinunog na handog: ito *ang Kasuklam-suklam na Diyus-diyusan ng tagapagwasak.* Ito ang sanlinggo ng pag-uusig kung kailan isinulat ang propesiyang ito; at isang matagumpay na pakikialam naman ng Diyos ang ibinabalita para sa katapusan ng sanlinggo.

Nahahayag ang pakikialam ng Diyos sa kapayapaang di inaasahan na makakamit ng mga Judio sa panahong iyon (1 Mac 6:55). Pero hindi pa ito ang pagdating ng Kaharian ng Diyos kundi paunang tanda lamang. Tanging kay Kristo lamang magkakaroong-katuparan ang ibinalita tungkol sa *walang-hanggang Katarungan.*

Gayunman, ang mga bilang na inilalahad ng awtor ay tumutukoy sa panahon ng mga Macabeo. Kung hindi nagkatotoo ang wakas ng kasaysayan noon, walang saysay na gamitin ang mga bilang na ito para kalkulahin kung kailan ito magaganap: ayaw itong ipaalam ng Diyos (Mc 13:32).

Sa katapusan ng lumipas na dantaon, sa propesiyang ito ni Daniel ibinatay ng nagtatag ng mga Saksi ni Jehova ang lahat ng kanyang interpretasyon sa Biblia. Hangad patunayan ng mahaba niyang mga kalkulasyon na pagkatapos ng paghahari ng Diyos sa Israel kina David at Solomon, na nagtapos sa panahon ni Daniel ay nagsimula naman ang bagong Kaharian ng Diyos na magtatapos sa taong 1914 sa wakas ng daigdig. At nang hindi ito naganap, inayos nila ang kanilang mga kalkulasyon.

Hindi ito ang lugar para pagtalunan ang kanilang mga pala-palagay. Sapat ang pansinin na para sa kanila, ang dalawang pinakaimportanteng petsa ng Kaligtasan ay ang pagkawasak ng Jerusalem sa ika-6 na dantaon bago kay Kristo at ang taong 1914. At walang anumang halaga para sa pagdating ng Kaharian ng Diyos ang pagdating ni Jesus, ang kanyang kamatayan at ang kanyang muling pagkabuhay. Pinatutunayan nito ang pagkakamali ng mga taong ang mahihirap na teksto ng Biblia ang pinagbabatayan para kuwestiyunin ang tiyak na tiyak na mga katotohanan, sa halip na magsimula sa pinakamatatag na mga pundasyon ng pananampalataya para sikaping palinawin ang nakalilitong mga teksto.

pagkakasala ko at ng aking bayang Israel,
nagsusumamo kay Yawe alang-alang sa
kanyang Banal na Bundok.

21 Noon dumating na lumilipad si Gab-
riel, ang anghel na nakita ko sa pagsisi-
mula ng pangitain. 22 Sabi niya: "Daniel,
naparito ako upang magturo sa iyo. 23 No-
ong nananalangin ka, may salitang na-
banggit, at naparito ako upang ituro iyon
sa iyo sapagkat minamahal ka ng Diyos.
Pakinggan mo ang salitang ito at unawain
ang pangitain:

24 Pitumpung linggo ang itinakda para
sa iyong bayan at banal na lunsod hang-
gang sa pagtatapos sa karahasan at pag-
wawakas sa pagkakasala at pagbayaran
ang kasamaan, itatag ang walang hang-
gang katarungan, upang matupad ang
mga pangitain at hula at mapapahiran
ang Banal ng mga Banal.

25 Unawain mo ito: Mula sa panahong
iutos ang muling pagtatayo ng Jerusalem
hanggang sa pagdating ng isang punong
pinahiran, lilipas ang pitung linggo. Sa
loob ng animnapu't dalawang linggo,
muling itatayo ang mga liwasan at muog,
ngunit sa isang panahon ng kaguluhan.

26 Pagkaraan ng animnapu't dalawang
linggo, papatayin ang isang pinahiran na
walang sala, wawasakin ang lunsod at
templo ng mga tauhan ng isang haring
darating. Tulad ng pagwawasak ng baha
ang mangyayari. Hanggang sa wakas,
magkakaroon ng mga digmaan at kapa-
hamakang itinakda ng Diyos. 27 Sa loob ng
isang linggo, ipatutupad ng manlulupig sa
marami ang kanyang batas. Sa kalagitnaan
ng linggo, ipahihinto niya ang mga pag-
hahandog at ilalagay sa templo ang ka-
suklam-suklam na diyus-diyusan hang-
gang sa sumapit sa manlulupig ang pagka-
wasak na itinakda ng Diyos."

**Kasaysayan ng panahon ng mga Macabeo: isang simbolikong salaysay**

**10** • 1 Sa ikatlong taon ng pamamahala
ni Ciro, hari ng Persia, pinatalastasan ng
Diyos si Daniel na tinaguriang Beltesazar. Ang
pagbubunyag na ito ay tungkol sa katapatan at
matinding kapighatian. Naunawaan ito ni Daniel
at pinatalastasan siya sa pangitain.
2 Sa panahong iyon, tatlong linggong nag-
ayuno akong si Daniel. 3 Hindi ako kumain ng
pagkaing masarap, ni tumikim ng karne o alak.
Hindi ako nag-ayos ni nagpabango ng katawan
sa loob ng tatlong linggo.
4 Sa ikadalawampu't apat na araw ng unang
buwan, habang nakatayo ako sa pampang ng
ilog Tigris, 5 tumingala ako at nakakita ng isang
lalaking nadaramtan ng lino at may sinturon na
lantay na ginto. 6 Parang krisolito ang kanyang
katawan, singningning ng kidlat ang kanyang
mukha, parang nagliliyab na sulo ang kanyang
mata, tulad ng makintab na tanso ang kanyang
paa't kamay, at dumadagundong ang kanyang
mga salita na parang sa isang pulutong.
7 Akong si Daniel ang tanging nakakita sa
pangitaing ito. Hindi ito nakita ng mga lalaking
kasama ko; sinakmal nga sila ng malaking takot
kung kaya tumakbo sila at nagtago. 8 Naiwan
akong mag-isang nakatingin sa dakilang pa-
ngitaing ito. Natulala ako at nawalan ng lakas.
9 Nang marinig ko ang kanyang tinig, walang-
malay akong napasubsob sa lupa. 10 May huma-
wak sa akin at itinindig akong pinanginginigan
ng kamay at tuhod.
11 Sabi niya sa akin: "Daniel, taong minama-
hal ng Diyos, sinugo ako sa iyo ngayon kaya
pakinggan mo ang aking sasabihin." Nang ma-
rinig ko ito, nangiginig akong tumayo. 12 At
sinabi pa niya: "huwag kang matakot. Mula sa
unang araw na ipasya mong magtamo ng pang-
unawa at magpakumbaba sa Diyos, narinig ang
iyong mga hinaing, at iyan ang dahilan kaya
narito ako.
13 Dalawampu't isang araw na nilabanan ako
ng prinsipe ng Persia, ngunit tinulungan ako ni
Miguel, isa sa mga punong-anghel. Iniwan ko

• **10.1** Ang lahat ng pangyayaring binabanggit sa mga kabanata 10-11 ay pawang pangnagdaan na para sa awtor: ang mga ito rin ang isinasalaysay sa atin sa ikalawang aklat ng mga Macabeo. Pero isinasalaysay rito ang mga ito na parang matalinhagang ipinapahayag ng isang taong nagngangalang Daniel, mga apat na dantaon pa bago mangyari. Estilo lamang ito ng pagsulat. Sa katunaya'y ang wakas ng istorya ang binibigyang-halaga ng sumulat, na ipinaliliwanag natin sa 12:1-3. Gusto niyang ituro sa kanyang mga kasamahang pinag-uusig na katatapos lamang danasin ang mga pangyayaring ito na ang kanilang mga paghihirap ay patungo sa nalalapit na pagdating ng Kaharian ng Diyos at sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

siya roon sa mga hari ng Persia, 14 at naparito
ako upang sabihin sa iyo ang mangyayari sa
iyong bayan sa mga araw na darating. Sapagkat
tungkol sa mga araw na iyon ang bagong pangi-
taing ito."
15 Matapos niyang sabihin ito, nagpatirapa
ako at nanahimik, ngunit may isang tulad ng tao
na humipo sa aking mga labi. 16 Nagbuka ako ng
bibig upang magsalita: "Panginoon, lubha
akong binagabag ng pangitain at wala akong
kalakas-lakas. 17 Paano ako makapagsasalita
kung wala akong lakas at pinangangapusan ng
hininga?"
18 Muli akong hinipo ng kaharap kong muk-
hang tao upang bigyan ng lakas. 19 "Taong hini-
rang ng Diyos," sabi niya, "huwag kang mata-
kot. Sumaiyo ang kapayapaan. Maging ma-
tapang ka at malakas." Habang nagsasalita
siya, nakadama ako ng lakas, at sinabi ko:
"Magsalita ka, panginoon ko, malakas na ako
ngayon."
20 Sabi niya sa akin: "Alam mo ba kung bakit
ako naparito sa iyo? 21 Ipapahayag ko sa iyo ang
nakasulat sa Aklat ng Katotohanan. Pagka-
tapos, babalik ako upang labanan ang anghel ng
Persia. Susunod ang anghel ng Gresya. Walang
tumutulong sa akin sa lahat ng ito maliban kay
Miguel, ang inyong puno.

**11** 1 Tinutulungan niya ako at pinalalakas
gaya ng pagtulong ko sa kanya sa unang
taon ni Dario, ang Medo. 2 Ngunit sasabihin ko sa
iyo ngayon ang katotohanan.

Magkakaroon ng tatlo pang hari sa Persia.
Higit pang magiging mayaman kaysa kanila
ang ikapat. At kapag lumakas na siya dahil sa
kanyang kayamanan, hahamunin niya ang ka-
harian ng Gresya.
3 Isang makapangyarihang hari ang titindig at
mamamahala sa isang malaking kaharian at
gagawa ng lahat niyang magustuhan. 4 Ngunit
kapag matatag na ang kanyang paghahari, saka
naman mahahati sa apat ang kanyang kaharian.
Wala ritong mauuwi sa kanyang mga kaanak, at
mababago ang paghahari; aalisin nga ang kan-
yang paghahari at malilipat sa iba ang kaharian.
5 Magiging makapangyarihan ang hari ng
Timog, ngunit isa sa kanyang mga pinuno ang
magiging higit pang makapangyarihan at higit
pang lalawak ang kaharian nito. 6 Makaraan ang
ilang taon, magiging magkakampi sila, at ma-
kikipagkita sa hari ng Hilaga ang babaeng anak
ng hari sa Timog upang bigyang-kaganapan
ang kasunduan. Ngunit hindi siya magtatagal,
pagkat papatayin siya kasama ng mga naghatid
sa kanya at ng kanyang anak na lalaki at asawa.
7 Pagkatapos, isang supling buhat sa kanyang
mga ugat ang sisibol. Lulusubin nito ang kuta ng
hari sa Hilaga at lilipulin sila. 8 At aagawin niya
ang mga diyus-diyusan, mga rebulto, mga pilak
at ginto ng mga kalaban. Dadalhin niya sa
Ehipto ang lahat ng ito at mananatili siyang
malayo sa hari ng Hilaga sa loob ng ilang taon.
9 Pupunta pa-Timog ang hari sa Hilaga at
saka magbabalik sa kanyang sariling bansa.
10 Maghahanda sa pakikidigma ang kanyang
mga anak at magtitipon sila ng malaking hukbo.
Kaya pupunta siya na parang bumabahang ilog:
daragsa at saka uurong pabalik sa sariling kuta
makaraang makapanlusob. 11 Magagalit ang
hari sa Timog at makikipagdigma sa kanya at
bagamat maghahanda siya ng malaking hukbo,
lulupigin niya ang mga ito. 12 Pagkalipol ng hari
sa Timog sa mga ito magiging palalo siya. Libu-
libong kawal ang kanyang lilipulin, ngunit hindi
magtatagal ang kanyang pananagumpay.
13 Magtitipon ang hari sa Hilaga ng hukbong
higit na malaki kaysa dati. Maghahanda siya ng
maraming kagamitan at armas, at makaraan
ang ilang taon, lulusubin niya ang hari sa Timog.
14 Marami pang babangon laban sa hari sa
Timog. Mag-aalsa ang mararahas mong kaba-
bayan upang tuparin ang pangitain, ngunit
mabibigo sila. 15 Darating ang hari sa Hilaga at
magtatayo ng isang muog para sakupin ang
isang kuta, at walang magagawa ang mga taga-
Timog, at ang kanilang mga piling kawal.
16 Gagawa ng sariling kagustuhan ang lumu-
lusob at walang makapipigil sa kanya. At mani-
nirahan siya sa kaaya-ayang Lupain habang
nangwawasak. 17 Upang madaling masakop
ang buong kaharian, makikipagkasundo siya at
iaalok na maging asawa ng hari roon ang isa sa
kanyang mga anak na babae. Ngunit hindi
magtatagal ito at mabibigo.
18 Babalingan niya ang mga pulo at lulupigin
ang marami sa mga iyon, ngunit isang pinuno
ang susugpo sa kanya at hindi siya makapag-
hihiganti. 19 Babalingan naman niya ang mga
kuta ng kanyang sariling lupain, ngunit mabu-
buwal siya at mawawala na. 20 Hahalili sa kanya
ang isang hari, na magpapadala ng maniningil ng
buwis upang samsaman ang Kaluwalhatian ng
Kaharian. Ngunit sa loob ng ilang araw babagsak
ito, nang hindi lantaran ni sa pakikidigma.
21 May isa pang hahalili – isang hamak na tao
na walang karapatang maging hari, ngunit
mapapasakanya ang kaharian sa pamamagitan
ng lihim na pakana. 22 Lilipulin niya ang mga
kalaban at pati ang puno ng isang Tipan. 23 Sa
katusuhan at kataksilan siya lalakas nang may
ilang tauhan lamang.

24 Lulusubin niya ang pinakamayayamang
probinsya at gagawin ang hindi pa nagawa ng
kanyang mga magulang at ninuno. Paghahati-
hatiin nga niya sa kanyang mga kaibigan ang
mga kayamanang nasamsam. Mag-iisip siya ng
mga pakana laban sa mga tanggulan, ngunit
para sa maikling panahon lamang.

25 Buong lakas at tapang na lulusubin niya
ang hari ng Timog nang may malakas na hukbo.
Hindi nito matatagalan ang kanyang panana-
lakay, pagkat papanghihinain ito ng mga lihim
na pakana. 26 Mga kasalo sa pagkain ang mag-
papahamak sa hari ng Timog. Malalansag ang
kanyang hukbo, at marami ang mapapatay.

27 Walang iisipin ang dalawang hari kundi ang
pamiminsala at panlilinlang sa isa't isa habang
magkasalo silang kumakain. Ngunit wala silang
magagawa sapagkat hindi pa dumarating ang
takdang panahon.

28 Babalik ang hari ng Hilaga sa kanyang
lupain, taglay ang malaking kayamanan, ngunit
puno ng masamang pakana ang kanyang puso
laban sa Banal na Tipan. Isasagawa niya ang
masamang balak bago siya umuwi sa sariling
bayan. 29 Sa takdang panahon siya magbabalik
sa Timog ngunit maiiba na ang pangyayari sa
ikalawang pagkakataong ito.

30 Sasalakayin siya ng hukbong-dagat ng
Kitim, kaya manghihina ang loob niya. Pagbalik
niya, magmamalupit siya sa Banal na Tipan at
muling tutulungan ang mga tumatalikod sa Ba-
nal na Tipan. 31 May ipadadala siyang mga
kawal upang lapastanganin ang santuwaryo
ng kuta. Ipatitigil nila ang pang-araw-araw na
paghahandog, at itatayo ang Kasuklam-suklam
na Diyus-diyusan ng manlulupig. 32 Ibubuyo
niya sa kasamaan ang nagsitalikod sa Tipan,
ngunit tatatag at makakagawa ang nakakikilala
sa kanilang Diyos.

33 Marami ang tuturuan ng pinakamatatalino
sa bayan, ngunit papatayin sila sa tabak o
susunugin, o aagawan ng kanilang ari-arian o
itatapon nang ilang panahon. 34 Tatanggap sila
ng katiting lamang na tulong sa kanilang pagka-
buwal at mandaraya ang maraming nakikisama
sa kanila. 35 Ilan sa marurunong ang babagsak
upang sila'y subukin, dalisayin at linisin hang-
gang sa wakas. Darating pa nga ang takdang
panahon.

36 Gagawin ng hari ang kanyang magus-
tuhan. Buong kapalaluang itatanghal niya ang
sarili nang higit kaysa lahat ng diyos. Lalapas-
tanganin niya ang Diyos ng mga diyos. Mana-
nagumpay siya hanggang sa mag-umapaw ang
poot ng Diyos, pagkat kailangang maganap ang
itinakda. 37 Hindi niya papansinin ang diyos ng
kanyang mga ninuno, ni ang paboritong diyos
ng kababaihan o ang iba pang diyos, kundi siya
mismo ang ipapalagay niya na higit kaysa lahat.
38 Sa halip ng mga iyon, sasambahin niya ang
diyos ng mga kuta, isang diyos na hindi kilala ng
kanyang mga ninuno, at aalayan niya ito ng
ginto, pilak at mamahaling bato at hiyas. 39 Tag-
lay ang tiwala sa banyagang diyos, sasalakayin
niya ang mga kuta. Bibigyan niya ang mga
dumadakila sa kanya ng kapangyarihan sa mga
bansa at sa lupain nila para pagtubuan ito.

40 Sa panahon ng wakas niya haharapin ang
hari ng Timog. Sasalakayin ito ng hari ng Hilaga
ng mga karo, kabalyera at hukbong dagat. Sa-
sakupin niya ang mga lupain at babagtas na
palampas doon. 41 Makararating sa kaaya-
ayang Lupain, at maraming mamamatay roon
sa labanan. Ang tanging makaliligtas ay ang
Edom, Moab at ang mga nalabi ng Amon.
42 Marami pang bansa ang kanyang sasakupin,
kabilang na ang Ehipto. 43 Sasamsamin niya ang
mga ginto, pilak at lahat ng maiinam na bagay
sa Ehipto. Makikisama sa kanya ang mga taga-
Libya at Ehipto.

44 Ngunit babagabagin siya ng mga balita
buhat sa Silangan at sa Hilaga, at aalis siyang
galit na galit upang patayin at lipulin ang mara-
ming tao. 45 Magtatayo siya ng kampo militar sa
pagitan ng dagat at ng Banal na Bundok ng
kaaya-ayang Lupain. Ngunit darating ang kan-
yang wakas, at walang tutulong sa kanya.

**Ang nangatutulog ay magigising sa buhay na walang hanggan**

**12** • 1 Sa panahong iyon ay titindig si
Miguel, ang dakilang Pinunong
Tagapagtanggol ng mga anak ng iyong
bayan. Magiging isang panahon iyon ng
kapighatiang wala pang nakakatulad
buhat nang matayo ang mga bansa
hanggang sa araw na ito. Sa panahong
iyon maliligtas ang mga may pangalang

---

• **12.1** Napakaimportante ng tekstong ito: dito unang binabanggit ang Muling Pagkabuhay.

Naniniwala ang mga Judio na pagkamatay nila, bawas na buhay lamang magkakaroon sila sa ilalim ng lupa. Hindi sila umaasa sa muling pagkabuhay o sa gantimpala para sa bawat isa kundi para lamang sa kanilang bansa. Kung magpapakabuti sila, pagpapalain o muling bubuhayin ng Diyos ang kanilang bansa (tingnan ang Ez 37).

Ang mga pag-uusig sa panahon ng mga Macabeo at

nakasulat sa Aklat. 2 Marami sa nanga-
kahimlay sa Alabok ang magigising sa
buhay na walang hanggan at ang iba'y sa
kadustaan at walang katapusang kilabot.
3 Magliliwanag na tulad ng ningning ng
langit ang mga nagtamo ng karunungan;
magpakailanma'y magliliwanag na tulad
ng mga bituin ang mga nagturo ng daan
ng katarungan sa mga tao.
4 At ikaw, Daniel, ipaglihim mo ang
mga salitang ito at sarhan ang Aklat
hanggang sa panahon ng wakas. Marami
ang magpaparoo't parito at magsa-
saliksik. Lalago ang kasamaan."

• 5 Tumingin akong si Daniel at nakita ko na
may dalawa pang nakatayo, bawat isa sa mag-
kabilang pampang ng ilog. 6 Sinabi ng isa sa
taong nakadamit ng lino at nasa pinanggaga-
lingan ng agos: "Kailan magaganap ang lahat ng
kahanga-hangang bagay na ito?"
7 At narinig ko ang tugon ng tinanong. Itinaas
niya ang kanyang mga kamay sa langit at
nanumpa sa pangalan ng Nabubuhay Magpa-

---

ang pagninilay sa kapalaran ng mga martir ang naghatid sa kanila sa matibay na paniniwalang ang mga namatay ay makikibahagi sa kaligayahan sa Kaharian ng Diyos – muli silang bubuhayin. Makikita rin natin ang ganitong pag-asa sa Ikalawang Aklat ng mga Macabeo (kab. 7:9 at 12:43). Mababasa rin natin ito sa mga kabanata 2-5 ng Aklat ng Karunungan. Ang mga tekstong ito ay bunga ng pananampalataya at ng mga pagsubok na tiniis ng sambayanang Judio sa huling dalawang dantaon bago kay Jesus. At ang mga ito ang naghanda para sa ituturo niya mismo hinggil sa Muling Pagkabuhay (Mc 12:18).

*Si Miguel, ang anghel ninyo* (ng bayang Judio) 10:13 at 10:21. Puno ng mga pangitain ang libro ni Daniel. Kung minsa'y masalimuot, gaya ng iba pang mga librong tinatawag na *apokaliptiko* na sinulat sa sambayanang Judio sa pagitan ng taong 200 bago kay Kristo at ng taong 100 A.D.

Ang mga librong apokaliptikong ito (o *mga pagbubunyag*) ay sinulat ng mga pantas ng panahong iyon para itala ang paghahari ng Diyos sa kasaysayan. At tulad sa librong ito ni Daniel, gumagamit ang lahat ng ito ng mga kumplikadong pangitain, matalinhagang mga bilang, mga mensaheng hatid ng mga anghel. Isa lamang itong paraan para makuha ang atensyon ng tagapakinig. Sa 9:1, ipinaliliwanag ni Anghel Gabriel ang pangitain. May isa pang anghel dito, si Miguel. Inilalarawan ang kasaysayan na para bang ang mga pangyayari ay itinadhana na antemano at nasusulat sa libro ng Diyos. Pagkaminsa'y may labanan ng mga anghel sa langit, na kumakatawan sa iba't ibang bansa. Kaya lumalaban si Miguel para sa bayang Judio; gayundin sa 10:13, may isang anghel na tinatawag na "prinsipe ng kaharian ng mga taga-Persia."

Sa katapusan ng kabanata 12, may bagong serye ng matalinhagang mga bilang. Walang ibang nilalaman ang mga ito kundi gaya ng mga nauna: ang patuloy na pag-uusig mula sa panahong naputol ang pagsamba ang kailangang matapos na, at hindi magtatagal at sasapit na ang wakas.

### *BAKIT IBINALITA NA NARIRITO NA ANG PAGHAHARI NG DIYOS GAYONG MAS MATAGAL PA BAGO ITO SUMAPIT?*

Inihuhula ng iba't ibang pahayag sa aklat ni Daniel ang wakas ng pag-uusig ni Antioko at ang ganap na pagdating ng Diyos at ng kanyang Paghahari sa sanlibutan. Pero higit pa sa sandaang taon ang lumipas bago dumating si Kristo. Magagamit natin dito ang sinabi hinggil sa pagbabalita ng mga propeta (tingnan ang Isaias 9).

Kung may malayong lakad ang isang ama kasama ng kanyang anak, at kapag pagod na ang anak, hindi sinasabi sa kanya ng kanyang ama kung gaano pa kalayo ang dapat niyang lakarin. Ang susunod na pupuntahan o dadaanan lamang ang kanyang itinuturo: tayo na sa punong iyon na natatanaw natin sa banda roon. At pagkatapos ay sasabihin naman niya: tayo na hanggang sa bahay na iyon, hanggang sa tuktok ng bundok na iyon... kayat napasisigla niya ang pag-asa ng kanyang anak sa sunud-sunod na mga baytang.

At sa banal na kasaysayan, sa tuwing iimbitahan ng Diyos ang kanyang bayan na humakbang, pinagniningning niya ang masayang kinabukasang inilaan niya para sa sangkatauhan, na para bang abot-kamay lamang ito. Lagi namang may anumang nakakamit, pero nasa dako pa roon ang pinakamainam, at hanggang sa pinakahuling araw, mabubuhay pa rin ang mga tao sa pag-asa.

Nangungusap ang Diyos hindi para bigyang-kasiyahan ang ating pag-uusisa, kundi para tawagin tayong kumilos. Sa taong 165 bago kay Kristo, isinulat ng isang guro ng Batas ang librong ito para palakasin ang loob ng kanyang mga kababayang inuusig, at para ibalita ang nalalapit na pagpapalaya na magiging pinakaganap ayon sa kanyang paniwala. Subalit hindi ipinahayag sa kanya ng Diyos ang petsa ng wakas ng mundo. Para sa mga Judio ng kanyang panahon, ang di inaasahang wakas ng pag-uusig ni Antioko at ang nakamit na kapayapaan ay malinaw na tanda na ng paghahari ng Diyos sa kasaysayan.

### • 5. *MGA ANGHEL*

Sa naunang mga pahina, binanggit natin na mga paglalarawan lamang sa literatura ang lahat ng pangitain ang mga anghel na ito; ganito ang paraan ng pagkasulat sa mga librong apokaliptiko. Basahin din ang paliwanag sa Gen 16. Ngunit hindi natin ito dapat ipagkamali na wala nang lugar ang mga anghel sa mensahe sa biblia at wala nang sinasabi tungkol sa mga ito ang salita ng Diyos. Ano ang puwede nating paniwalaan tungkol sa bagay na ito?

kailanman: "Makakaraan ang isang panahon,
dalawang panahon at kalahating panahon.
Kapag durog na durog na ang banal na bayan,
magaganap na rin ang mga bagay na ito."

8 Narinig ko nga pero hindi ko naunawaan.
Muli akong nagtanong: "Panginoon, ano ang
kahihinatnan ng lahat ng ito?"

9 At sinabi niya: "Humayo ka, Daniel, pagkat
lihim at selyado ang mga salitang ito hanggang
sa panahon ng pagwawakas. 10 Marami ang da-
dalisayin, lilinisin at susubukin. Magpapatuloy
ang masama na gumawa ng masama; wala
silang mauunawaang anuman; ang marunong
lamang ang makauunawa.

11 Mula sa panahong pigilin ang pang-araw-
araw na paghahandog at itayo ng manlulupig
ang kasuklam-suklam na diyus-diyusan, mag-
kakaroon ng sanlibo dalawang daan at siyam-
napung araw. 12 Mapalad ang makapaghihintay
at sasapit sa sanlibo tatlong daan at tatlumpu't
limang araw. 13 At ikaw naman, humayo ka.
Mamamahinga ka at babangon upang tumang-
gap ng iyong gantimpala sa wakas ng pana-
hon."

---

Nitong nakaraang mga dantaon, itinuro sa atin na mga di-nakikitang kasama ang mga anghel. Dahil sa kanilang mga pakpak na nakikita natin sa kanilang mga larawan, nabuo sa kaisipan ng mga tao na balewala sa kanila ang anumang distansya at nakalutang lamang sila sa ere. Turo rin sa atin na ipinagkatiwala ng Diyos ang bawat isa sa atin sa isang "anghel de la guwardiya" (anghel na tagatanod) na magsasanggalang sa atin sa panganib at tukso. Mas importante ang ilan sa kanila sa hukbo ng langit, at sila ang mga tinatawag na arkanghel. Ang iba nama'y nakatalaga sa pangangasiwa sa sanlibutan: sila ang tinatawag nating mga lakas o kapangyarihan ng sanlibutan. At ang iba pa, ayon sa mga manunulat sa buhay-espirituwal, ay kaniig ng Diyos at walang ibang pinagmamasdan kundi siya: sila ang mga serapin.

Marami ang nagpapalagay na pangmanang lamang ng simbahan ang mga paglalarawang ito, sinauna pero nakaka*touch*. Mas gusto naman ng iba na isiping ang Diyos mismo ang maygawa kapag ipinag-adya sila sa kung anong malaking sakuna o kapahamakan: ba't nga ba naman tayo maghahanap pa ng mga tagapamagitan?

Ngunit sa iba't ibang teksto sa biblia na sinulat sa iba't ibang panahon, makikita nating naniniwala ang mga tao sa mga tagapamagitan. Sa totoo'y kaugnay ang paniwalang ito sa mas malalim na pagkaunawa sa misteryo ng Diyos. Hindi mahirap para sa kanila ang maniwala sa mga anghel dahil hindi sila paralisado ng materyalistang pananaw sa sanlibutan. Kaya sinasabi nilang binabahaginan ng Diyos ng kanyang kapangyarihan ang mabubuti at masasamang espiritu. Nalalahad sa ilang mga teksto, tulad ng aklat ni Tobit, na instrumento ng pamamalagi at paglingap ng Diyos ang anghel na tagatanod. Sinasabi naman sa atin ng iba, tulad ng aklat ni Daniel, ang tungkol sa mga anghel na nagbibigay-proteksyon sa mga bansa at silang unang nagturo sa mga ito ng mga batayan ng kanilang kultura at relihiyon. Sila ang mga tagapangasiwa sa kasaysayan ng sangkatauhan, at malaya nila itong isinasagawa ngunit sa dakong huli'y ang pasya pa rin ng Diyos ang dapat nilang sundin. Kaiba nga ang pananaw na ito sa kasaysayan ng sangkatauhan para sa atin ngayon, kahit na nakaugat ito sa biblia (Dt 32:8, Hkm 11:24; Is 63:9; Dn 10:21).

Tinanggap ng mga sumulat ng Bagong Tipan ang iba't ibang pagtingin sa misyon ng mga anghel nang walang pagtatangi. Alam nina Esteban at Pablo ang mga anghel ng mga bansa: basahin ang Gawa 7:38; Gal 3:19; Ef 1:21 at ang kaukulang mga paliwanag. Ang papel ng mga pari sa Templo ng Jerusalem ang ibinibigay ng Pagbubunyag ni Juan (8:3) sa mga anghel sa pagdiriwang sa langit. Itinuturing din silang mga instrumento ng Diyos sa kanyang paghuhukom at tagapaghatid ng mga kapahamakang nagmumulat sa makasalanang sangkatauhan sa mga pagkakasala nito (15:5). Pareho ang sinasabi ng ebanghelyo. Sinasabi pa nito na ang mga anghel ng maliliit ang mismong mga anghel na nakikibahagi sa puspos at maningning na liwanag ng Diyos (Mt 18:10).

Nangungusap nga ang biblia tungkol sa mga anghel. Pero hindi natin agad-agad masasagot ang itinatanong ng marami: Pamamaraan lang ba ang mga anghel para tukuyin ang pagkilos ng Diyos sa mundo? Mukha ba ito ng Diyos sa paglingap niya at malasakit sa kanyang mga minamahal? O talagang tunay na nilalang at kapangyarihang espirituwal na iba sa Diyos ang mga anghel?

Walang malinaw at tiyak na sagot sa mga tanong na ito. Sa totoo'y bahagi ng Tradisyon ang pagsampalataya sa Diyos "na Maylalang sa nakikita at di-nakikita." Tulad sana sa paggawa ng relo ng isang relohero ang paglikha ng Diyos sa sanlibutan kung isang materyalistang diyos siya. Ngunit espiritu ang Diyos at Diyos ang Espiritu kayat siya ang Ama ng sanlibutan kung saan lahat at bawat nilalang ay salamin at sinag ng yaman at kasaganaan ng Diyos. Walang pagkaubos ang kanyang liwanag sa una nitong pagsinag: sumasabog ito at sumisinag sa mga nasa mas mababang antas. Pinili ng Salita ng Diyos na mamayan sa piling natin at makibahagi sa ating laman, dahil siguro sa nabubuhay tayo sa mas mababang baitang ng kanyang sangnilikha at hangad niyang marating ang pinakaaba. Kaya naman hindi natin magagawang panginoonin ang ating mga sarili.

Sa paglaganap ng Iglesya sa buong mundo, may mga bansang iba ang tingin sa mga kapangyarihan ng sanlibutan. Kayat nagbago rin ang lengguwahe nito, tulad ng nangyari sa mga sumulat sa mga banal na aklat. Laging bukas ang pinto sa mga bagong karanasan. Sa lahat ng ito, ipinaaalaala sa atin na ipinailalim kay Kristo sa pagkabuhay niya at pagluwalhati ang lahat ng tagapamagitang iyon. Siya lamang ang mayhawak sa mga susi ng kasaysayan at hantungan ng bawat isa.

## *TATLONG KUWENTONG IDINAGDAG SA LIBRO NG DANIEL*

**Ang kasaysayan ni Susana**

**13** • [1]Sa Babilonia ay may naninira-
hang isang lalaking nagngangalang
Yoakim. [2]Mayroon siyang asawa, si Susana
na anak ni Hilkias. Napakaganda niya at
may takot sa Diyos [3]dahil mga matuwid na
tao ang kanyang magulang at sila ang
nagsanay sa kanya sa batas ni Moises.
[4]Napakayaman ni Yoakim. May isang har-
din sa paligid ng kanyang bahay at marami
ang mga Judiong dumadalaw sa kanya
dahil iginagalang siya ng lahat.

[5]Nang taong iyon, dalawang mata-
tanda sa bayan ang hinirang na hukom, at
sa kanila nagkatotoo ang salitang ito ng
Panginoon: "Nanggaling ang katampa-
lasan sa Babilonia sa mga matatanda ng
bayan at hukom na mga patnubay ng
bayan sa turing." [6]Malimit sa bahay ni
Yoakim ang mga taong ito na nilalapitan
ng lahat ng mga may usapin sa hukuman.

[7]Kapag nakaalis na sa tanghali ang
mga tao, namamasyal si Susana sa hala-
manan ng kanyang asawa. [8]Nagsimulang
magkimkim ng pagnanasa ang dalawang
matandang lalaki habang pinagmamas-
dan nila si Susana sa pagpasyal nito sa
hardin araw-araw. [9]Hindi na sila tumingin
sa langit at kinalimutan nila ang mga
makatarungang utos nito. At tumindi ang
kanilang pagnanasa. [10]Pareho sila ng
nadarama sa babae, ngunit inililihim nila
iyon sa isa't isa. [11]"Nahihiya silang ihayag
ang kanilang pagnanasang sumiping sa
kanya. [12]Ngunit ipinagpatuloy nila ang
may pananabik na pagmamalas kay
Susana sa araw-araw.
[13]Isang araw, sinabi nila sa isa't isa:
"Umuwi na tayo, oras na ng panangha-
lian." Naghiwalay ang dalawa, [14]ngunit
kapwa sila nagbalik agad at nang mag-
pangita uli, napilitan silang aminin sa isa't
isa ang kanilang masamang layunin. At
nagkasundo silang maghintay ng pagka-
kataon na mapag-isa ang babae.
[15]Habang hinihintay nila ang tamang
panahon, nagpunta isang araw sa hardin
si Susana tulad ng dati na tanging dala-
wang katulong ang kasama; at dahil ma-
init noon, binalak niyang maligo sa har-
din. [16]Walang ibang naroon liban sa dala-
wang matandang nakatago at nagmamat-
yag.
[17]Inutusan ni Susana ang dalawang
katulong: "Ikuha ninyo ako ng langis at
pabango, at isara ninyo ang mga pinto ng
hardin habang naliligo ako." [18]Sumunod
ang dalawang katulong. Sinarhan nila ang
mga pinto, at sa isang pintuan sa tagiliran
sila nagdaan patungo sa bahay upang
kunin ang ipinakukuha sa kanila ni Su-
sana; wala silang kaalam-alam na nag-
tatago sa hardin ang dalawang matan-
dang lalaki.
[19]Pagkaalis ng mga katulong, patak-
bong tumindig ang dalawang matanda at
lumapit kay Susana at ang sabi: [20]"Na-
kasara ang mga pinto ng hardin at walang
nakakakita sa atin. Gusto naming su-
muko ka at sumiping sa amin. [21]Kung
tatanggi ka, sasaksi kami laban sa iyo.

---

• **13**.1 *Ang mga kuwento sa mga kabanata 13-14 ay idinagdag sa aklat ni Daniel sa bibliang Griyego. Bahagi ang mga ito ng mga aklat na Deuterocanonical (tingnan ang teksto sa p. 754).*

*Ang unang kuwento tungkol kay Susana ay para ipakita kung paano ipinagtatanggol ng Diyos ang kaawa-awang walang-sala. Mabigat na tinutuligsa ang katiwalian ng mga hukom. Alalahanin ang salita ni Jesus sa Mateo 5:28: "Ang tumingin nang may masamang pagnanasa sa isang babae ay nakiapid na sa kanyang puso."*

*Ang ikalawa, para pagtawanan ang mga pari ng mga diyus-diyusan.*

*Ang ikatlo, para ipakita (gaya ng nasa mga kabanata 3 at 6) ang pagtulong ng Diyos sa kanyang mga saksi.*

Hindi dapat bale-walain ang mga istoryang ito sa pagsasabing kuwentong pambata lamang ang mga ito. Gaya ng mga talinhaga ni Jesus, nagbibigay ang mga ito ng maraming aral sa atin at nag-aanyaya sa atin na pagnilayan ang ating ugali.

## Bakit hindi lahat ng biblia ay may pare-parehong mga aklat?

Noong panahon ni Jesus, walang Judiong nagduda na ang mga aklat ni Moises at ng Mga Propeta ay salita ng Diyos. Sa paglipas ng panahon, malugod na tinanggap ang ibang mga aklat na tinatawag na Mga Sinulat o Mga Aklat ng Karunungan at idinagdag ang mga ito sa mga unang aklat. Ngunit hindi nilinaw kung anong antas ng awtoridad ang dapat ibigay sa mga ito.

Ang ilan sa mga aklat na ito ay sinulat hindi sa wikang Hebreo kundi sa Griyego, ang wikang ginagamit sa maraming bansa. Kaya mas marami ang mga aklat sa bibliang Griyego na ginamit ng mga Judio sa labas ng Palestina pati na sa maraming simbahang Palestino.

Pagkatapos lamang ni Jesus – at pagkawasak sa Jerusalem ng mga Romano saka ang mga Pariseo, sa taong 95, ay nagtawag ng konseho sa Jamnia, upang muling itatag ang komunidad ng mga Judio. Noon nila itinatag nang may katiyakan ang *canon,* na siyang pamantayan ng bibliang Judio. Bagamat tinanggap nila ang ilan sa mga mas bagong aklat, halimbawa'y iyong kay Daniel, sadya nilang di isinali ang lahat ng nasusulat sa Griyego.

Samantala, ginamit naman ng Iglesya ang bibliang Griyego tulad ng ginawa ng mga apostol, at ang inalala lamang nila ay kung ano ang dapat isama sa Bagong Tipan.

Sa taong 384, sa wakas, binigyang-katiyakan ng tinatawag na Dekreto Damasco ang canon ng bibliang Kristiyano at tinanggap ang ilang aklat na nasa bibliang Griyego na tinaggihan na ng mga Judio sa Jamnia, sa kabila ng opinyon ng minorya na naglagay sa mga ito sa mas mababang ranggo. Ang mga aklat na ito ay tinatawag na deuterocanonica, ibig sabihi'y mga aklat ng ikalawang pamantayan.

Nang lisanin ng mga Protestante ang Iglesya, pagkatapos ng labindalawang dantaon, hindi nila naisipan pang punahin ang pamantayan ng Bagong Tipan ngunit hindi sila magkasundo sa mga aklat na deuterocanonical, kaya minabuti nilang huwag nang isali ang mga ito. Tinawag nila ang mga itong apocrypha, ibig sabihi'y di-tunay. Ngunit hanggang sa ikalabing-siyam na siglo, karaniwa'y inilimbag nila ang mga ito sa kanilang biblia. Pagkatapos, lubusan nang di isinali ang mga ito.

Ang mga aklat na deuterocanonical ay:

| | | |
|---|---|---|
| *1 at 2 Macabeo* | *Baruc* | *Karunungan ni Solomon* |
| *Kabanata 13-14 ng Daniel* | *Tobit* | *Sirac* |
| *Kabanata 11-16 ng Ester* | *Judit* | |

Lahat ng modernong mga pag-aaral ng biblia ay nagpapakita sa kahalagahan nitong mga aklat na deuterocanonical bilang tagapag-ugnay ng mga Hebreong aklat ng Matandang Tipan at ng nasa wikang Griyego na bumubuo ng Bagong Tipan.

Bigyang-pansin na ang tanging paraan para malaman kung alin ang mga sagradong aklat at kung alin ang hindi dapat isali sa Bibia ay komunsulta sa desisyon ng Iglesya. Ang mga tumutuligsa ngayon sa Iglesya sa ngalan ng Biblia ay hindi makakaalam kung saan matatagpuan ang salita ng Diyos kung hindi ito ipinahayag ng Iglesya.

Sasabihin naming pinaalis mo ang iyong mga katulong dahil may katipan kang lalaki rito."

22 Pataghoy na nasabi ni Susana: "Anuman ang gawin ko, wala akong lulusutan. Parang kamatayan ang pagsuko sa inyo. Pag tumanggi ako, hindi ako makatatakas sa inyo. 23 Nanaisin ko pang bumagsak sa inyong kamay na walang kasalanan kaysa magkasala sa paningin ng Panginoon."

24 Sumigaw nang malakas si Susana, ngunit sinabayan siya ng sigaw ng dalawang matandang lalaki. 25 Tumakbo ang isa sa mga ito upang buksan ang pinto ng hardin. 26 Nang marinig ang kaguluhan sa hardin, nagmamadaling nagtungo sa pintuan sa tagiliran ang mga katulong sa bahay. 27 At labis silang nalito nang magsalaysay ang dalawang matanda, dahil hinding-hindi sila nakarinig ng masama tungkol kay Susana.

28 Kinabukasan, nagdaos ng pulong sa bahay ni Yoakim. Dumating ang dalawang matanda, puno ng masamang hangarin para ipapatay si Susana. 29 Nag-utos ang dalawa sa harap ng mga tao: "Ipatawag ninyo si Susana, na anak ni Hilkias at asawa ni Yoakim." 30 Ipinatawag nga siya at dumating si Susana na kasama ng mga magulang, mga anak at lahat ng kamag-anak.

31 Napakaganda at napakapinong kumilos ni Susana. 32 Nakabelo siya, ngunit iniutos ng dalawang buktot na alisin ang kanyang takip sa mukha upang masiyahan sa kanyang kagandahan. 33 Nagsiiyak naman ang kanyang pamilya at mga kaibigan at lahat ng nakakita kay Susana.

34 Tumayo ang dalawang matanda at ipinatong ang kanilang kamay sa ulo ni Susana. 35 Ganap na nagtitiwala sa Panginoon, lumuluhang tumingala sa langit si Susana.

36 Nagsimulang magsalita ang dalawang matanda: "Naglalakad kami sa hardin nang pumasok doon ang babaeng ito na may kasamang dalawang katulong. Iniutos niyang isara ang mga pinto sa hardin at saka pinaalis ang mga kasama. 37 Pagkatapos, isang binata ang lumabas sa pinangungublihan at sumiping sa kanya. 38 Nasa dulo kami ng halamanan nang makita namin ang pagkakasalang ito. Tumakbo kaming palapit, 39 at huling-huli sila sa akto. Hindi namin nadakip ang binata dahil mas malakas siya kaysa amin. Patakbo niyang binuksan ang pinto at tumakas. 40 Nahuli namin ang babaeng ito at tinanong kung sino iyon, 41 ngunit tumanggi siyang sabihin. Saksi kami sa lahat ng ito."

Pinaniwalaan ng asamblea ang sinabi ng dalawa, yamang matatanda sila ng bayan at mga hukom. Kaya hinatulan si Susana ng kamatayan. 42 Napaiyak siya nang malakas. "Walang hanggang Diyos, walang nalilingid sa iyo; alam mo na ang lahat ng bagay bago pa iyon maganap. 43 Alam mo na di totoo ang sinabi nila. Mamamatay ba akong hindi ginawa ang kinatha nila sa kanilang kabuktutan?"

44 Dininig ng Diyos si Susana. 45 Nang ihahatid na siya sa kamatayan, pinukaw ng Diyos ang banal na espiritu ng isang binatilyong nagngangalang Daniel. 46 Malakas itong sumigaw: "Ayaw kong makisangkot sa pagpatay sa babaeng ito!"

47 "Ano'ng sinabi mo?" tanong sa kanya ng mga naroon.

48 Tumayo si Daniel sa gitna at nagsabi: "Napakahangal na ba ninyo, mga anak ng Israel, upang kondenahin ang isang kapatid nang walang pagsisiyasat at malinaw na ebidensya? 49 Magsibalik kayo sa hukuman, pagkat nagsinungaling ang mga lalaking ito sa pagsaksi laban sa kanya."

50 Nagmamadali silang nagsibalik, at sinabi kay Daniel ng matatanda ng bayan: "Halika at maupong kasama namin, pagkat ginawa ka ng Diyos na kapantay ng mga matatanda."

51 Sinabi ni Daniel sa mga tao: "Pag-

hiwalayin ninyo ang mga ito at sisiyasatin
ko silang isa-isa."
52 Nang mapaghiwalay na ang dala-
wang matanda, tinawag ni Daniel ang isa
at sinabi rito: "Tumanda ka sa kabuktu-
tan, ngayon, pagbabayaran mo ang mga
kasalanang ginawa mo sa buong buhay
mo. 53 Walang katarungan ang iyong mga
paghatol, pinarusahan mo ang walang ka-
salanan at pinawalang-sala ang may ka-
salanan, gayong sinabi ng Panginoon:
'Huwag papatayin ang walang kasalanan
at matuwid.' 54 Kung talagang nasaksihan
mo ang pagkakasalang sinabi mo, saang
lilim ng punungkahoy mo nakita silang
magkasama?"

Sumagot ang matanda: "Sa lilim ng
punong akasya."
55 Sinabi ni Daniel: "Bumabagsak na sa
iyo ang pagsisinungaling, tatanggapin na
ng anghel ng Panginoon ang hatol mo sa
Diyos at hahatiin ka."
56 Ipinalayo ni Daniel ang matanda at
ipinatawag ang isa pa: "Ikaw, anak ni Ka-
naan at hindi ng Juda, nagligaw sa iyo ang
kagandahan at nagpaalipin sa kahalayan.
57 Ito ang ginagawa mo sa kababaihan ng
Israel, na napahihinuhod mo dahil sa ta-
kot. Pero narito ang isang babae ng Juda
na ayaw pumayag sa iyong kabuktutan.
58 Sabihin mo ngayon kung saang lilim ng
punungkahoy mo nakita silang nagta-
talik." "Sa lilim ng punong encina," ang
tugon nito.
59 "Ulo mo rin ang maging kabayaran
ng iyong pagsisinungaling," sabi ni Da-
niel. "Naghihintay ang anghel ng Diyos
upang hatiin ka at lipulin kayo."
60 Nagsigawan sa galak ang buong
asamblea at nagpuri sa Diyos na tumutu-
long sa umaasa sa kanya. 61 Binalingan
nila ang dalawang matanda na sa pagsi-
sikap ni Daniel ay nabigyang-sala ng
kanila na ring bibig. 62 Alinsunod sa batas
ni Moises, inilipat sa kanila ang hatol na
ninais nilang igawad sa kanilang kapwa.
Pinatay sila. Sa ganyan naligtas ang
buhay ng isang walang kasalanan.
63 Nagpuri sa Diyos si Hilkias at ang
kanyang asawa dahil sa katarungang ipi-
nagkaloob kay Susana. Gayundin ang
ginawa ni Yoakim at ng lahat ng kamag-
anak ni Susana, sapagkat walang anu-
mang nakahihiya ang natagpuan sa
kanya. 64 Si Daniel naman ay dinakila ng
kanyang mga kababayan magmula noon.

**Si Daniel at ang mga pari ni Bel**

**14** 1 Sa pagyao ni Haring Astyages sa piling
ng kanyang mga ninuno, lumuklok sa
trono ang Persang si Ciro. 2 Naging matalik na
kaibigan ng hari si Daniel at higit siya nitong
pinagkatiwalaan sa lahat.

3 May rebultong nagngangalang Bel
ang mga taga-Babilonia na hinahandugan
nila araw-araw ng labindalawang takal ng
pinong harina, apatnapung tupa, at anim
na takal ng alak. 4 Nakikisali sa kultong ito
ang hari na sumasamba sa diyus-diyusan
araw-araw. Sa kabilang dako, ang tanging
sinasamba ni Daniel ay ang kanyang
Diyos. 5 At itinanong sa kanya ng hari:
"Bakit ayaw mong sumamba kay Bel?"

Tumugon si Daniel: "Wala akong sina-
sambang diyus-diyusang ginawa ng tao.
Ang buhay na Diyos na gumawa ng langit
at lupa at namamahala sa buong sang-
katauhan ang tanging sinasamba ko."
6 Nagtanong ang hari: "Akala mo ba, hindi
buhay na diyos si Bel? Hindi mo ba na-
kikita na kumakain siya at umiinom araw-
araw?"
7 Nagtawa si David at sinabi niya: "Hu-
wag kang padaya, mahal na hari, luwad
lamang ang loob ng rebultong ito at tanso
ang labas. Hindi ito kumakain o umiinom
ng anuman."
8 Nagalit ang hari at ipinatawag ang
kanyang mga pari. Aniya sa mga ito: "Pag
hindi ninyo ipinagtapat sa akin kung sino
ang umuubos sa lahat ng handog na ito,
mamamatay kayong lahat. 9 Ngunit kung
maipakikita ninyo na si Bel ang umuubos

ng lahat ng ito, si Daniel ang mamamatay
dahil sa kanyang kalapastanganan ."

At sinabi ni Daniel sa hari: "Matupad
nawa ang sinabi mo."

10 May pitumpung pari si Bel, bukod pa
sa kanilang mga asawa at anak. Kasama
si Daniel, nagtungo ang hari sa templo ni
Bel. 11 Sinabi ng mga pari sa hari: "Lala-
bas kami at iiwan ka namin dito upang
maghanda ng pagkain at alak. Kapag nai-
handa iyon, iwan na ninyo rito, sarhan
ninyo ang pinto, at tatakan mo po, mahal
na hari, ng iyong singsing. 12 Magbalik ka
rito sa umaga, at kapag nakita mong hindi
kinain ni Bel ang pagkain at hindi ininom
ang alak, dapat kaming mamatay. Ngunit
kapag kabaligtaran niyon ang nangyari,
dapat mamatay si Daniel na nanirang-
puri sa amin.

13 Malaki ang kanilang tiwala sapagkat
gumawa sila ng lihim na daanan sa ilalim
ng mesa; doon sila nagdaraan sa pagpa-
sok kapag kinakain nila at iniinom nang
palihim ang mga handog. 14 Nang maka-
labas ang mga pari, naghanda ang hari ng
alay na inilagay sa harapan ni Bel. Inu-
tusan naman ni Daniel ang kanyang mga
katulong na magkalat ng abo sa lahat ng
sahig ng templo. At umalis na sila mata-
pos sarhan ang pinto at tatakan ng sing-
sing ng hari. 15 Nang gabing iyon, puma-
sok sa templo ang mga pari gaya ng dati
at ang kani-kanilang asawa at mga anak
at kinain nila at ininom ang mga handog.

16 Maagang-maaga kinabukasan, gu-
mising ang hari pati si Daniel. 17 Nagbalik
sa templo ang hari kasama si Daniel. "Sira
ba ang mga tatak sa pinto, Daniel?"
tanong ng hari, at sumagot si Daniel:
"Hindi." 18 Binuksan ng hari ang pinto, at
tiningnan ang mesang kinapapatungan
ng mga handog na pagkain at inumin.
"Tunay kang dakila, O Bel!" bulalas ng
hari. "Hindi ka nandaraya."

19 Tumawa si Daniel at pinigil muna
niya sa pagpasok ang hari. "Ngunit ting-
nan mo ang sahig," aniya, "at kanino ang
mga bakas na ito ng paa."
20 "Mga bakas ito ng paa ng mga lalaki,
mga babae, at mga bata," tugon ng hari.
21 Sa galit niya, ipinadakip ang mga pari at
ang kani-kanilang asawa't mga anak.
Napilitang ipakita ng mga ito ang lihim na
lagusang dinaraanan nila kapag kinakain
na nila ang mga handog na nakapatong
sa mesa. 22 Ipinapatay sila ng hari, at
ipinaubaya nito si Bel kay Daniel. Sinira ni
Daniel ang rebulto ng diyus-diyusan at
ipinagiba ang templo nito.

**Si Daniel at ang dragon**

23 May isang malaking dragon sa Babilonia
na sinasamba rin. 24 "Masdan mo at buhay ito,"
sabi ng hari kay Daniel. "Hindi ito yari sa tanso.
Itatanggi mo ba na ito ay isang diyos na buhay?
Sambahin mo ito."
25 Tumugon si Daniel: "Wala akong sasam-
bahing sinuman liban sa Panginoong aking
Diyos, pagkat siya lamang ang Diyos na buhay.
26 Kung ipahihintulot mo, mahal na hari, papa-
tayin ko ang dragong ito nang wala akong
ginagamit na tabak o pamalo." Tumugon ang
hari: "Pinahihintulutan kita."
26 Kumuha si Daniel ng alkitran, taba at bu-
hok, at magkakasamang pinakuluan ang mga
iyon. Pagkatapos, kinipil niyang parang bi-
bingka at saka ipinakain sa dragon. Pagkakain,
sumabog ang katawan ng dragon. 27 Sabi ni
Daniel sa hari: "Masdan mo ang nangyari sa
iyong sinasamba."
28 Nagalit ang mga taga-Babilonia nang ma-
balitaan iyon. "Naging Judio ang ating hari,"
usap-usapan nila. "Winasak niya si Bel, pinatay
ang dragon, at hinatulan ng kamatayan ang
mga pari." 29 Nagtungo sila sa hari at ang sabi:
"Ibigay mo sa amin si Daniel. Kung hindi'y pa-
patayin ka namin at ang iyong pamilya." 30 Na-
pilitan ang hari na ipaubaya si Daniel sa mga
tao.
31 Inihagis si Daniel sa kulungan ng mga leon,
at namalagi siya roon nang anim na araw. 32 May
pitong leong pinakakain araw-araw sa loob ng
kulungan ng dalawang katawan ng tao at dala-
wang tupa. Ngunit wala nang ibinigay sa mga
leon upang matiyak na kakanin nila si Daniel.
33 May isang propetang nagngangalang
Habakuk sa Judea. Nakapaglagay na siya ng
pagkain sa basket at palakad na upang dalhin
iyon sa mga gumagapas sa bukid 34 nang du-

mating ang isang anghel ng Panginoon at sa-
bihin sa kanya: "Dalhin mo ang pagkaing iyan
kay Daniel na nasa kulungan ng mga leon sa
Babilonia."

35 Sumagot si Habakuk: "Hindi pa po ako
nakakapunta sa Babilonia at hindi pa rin ako
nakakakita ng kulungan ng leon." 36 Kinuha siya
ng anghel sa ulo at hawak ang buhok na inilipad
sa Babilonia na parang isang malakas na hangin
at bumaba siya sa taluktok ng kulungan ng mga
leon. 37 "Daniel, Daniel," kaagad ay sigaw ni
Habakuk, "kunin mo ang pagkaing padala ng
Diyos sa iyo."

38 Nagpasalamat si Daniel sa Diyos, at ang
sabi: "Inalaala mo ako, O Diyos, at hindi mo
pinabayaan ang nagmamahal sa iyo." 39 Ku-
main si Daniel, at ibinalik ng anghel ng Pangi-
noon si Habakuk sa sariling lugar nito.

40 Nang ikapitong araw, nagtungo ang hari sa
kulungan ng mga leon upang iyakan si Daniel.
Tumingin siya sa loob at nakita niyang nakaupo
roon si Daniel. 41 Sumigaw nang malakas ang
hari: "Kay dakila mo, O Panginoong Diyos ni
Daniel! Tunay na wala nang iba pang Diyos liban
sa iyo!" 42 Ipinakuha niya si Daniel sa loob ng
kulungan at doon ipinahagis ang nagsipagha-
ngad na ipahamak si Daniel. At kaagad sinag-
pang ng mga leon ang mga ito sa paningin ng
hari.